

# Prologue



He was angry. He was coldly, insanely, violently angry. Pero hindi makikita iyon sa panlabas na anyo ni Quintin Antonio Tanseco IV.

Matagal na niyang natutunang kontrolin ang mga emosyon niya. To some people, emotions were a sign of weakness. If you dealt with the same people he had to deal with on a daily basis, you'd have to know not to show any weakness. And the sister whose picture he was looking at was his greatest weakness.

Muntik nang mawala sa kanya si Antonella matapos itong dukutin ng inakala nitong kaibigan nitong si Jerome. According to the young man, he had been “awakened” by the time he spent at Quin’s club. And, encouraged by the dark and sexual things that he discovered were happening behind the closed doors of the notorious *Club Obsidian*, he had acted on it.

Alam ni Quin kung paano nangyayari iyon. Dahil sa kakulangan ng pagkakaintindi at respeto,

maraming mga baguhang miyembro ang nag-aakalang puro sex lang ang nagaganap sa club. On the surface, that's what it was. *Obsidian* was where people go to have sex without limits or inhibitions, fulfilling their darkest, most secret fantasies they couldn't even whisper about outside the club's walls.

Matapos ang magkakasunod na insidenteng nagsimula nang may mapatay sa hotel niya, hanggang sa pagkaka-kidnap sa sarili niyang kapatid, napagtanto ni Quin na napakarami na pala niyang pagkukulang at pagkakamali. He took responsibility for that, of course. Alam niyang kailangan niyang kumilos nang mas mabilis para maayos kung anuman ang problema sa seguridad ng *Obsidian*.

What happened to his sister made him think if this had all been his fault. No, not just about the security, but about everything. Tama ba na itinatag niya ang *Obsidian* in the first place? Especially since his reason for doing so was not exactly altruistic.

Muling nagkuyom ang mga kamay niya nang maalala ang nangyari kay Antonella. Buti't hindi siya ang nakalapit kay Jerome kanina dahil papatayin talaga niya ang lalaki sa galit niya gamit ang sarili niyang mga kamay.

He blew out a slow breath when someone

knocked on his door. Binalingan niya ang monitor niya at nagpanggap na tumitipa sa keyboard.

“Come in.”

Ang best friend, silent partner niya, at ang kasalukuyang boyfriend ng kapatid niya ang pumasok. Base sa madilim at mapanganib na ekspresyon sa mukha ni Declan Jacinto, alam niyang pareho sila ng iniisip.

“Kumusta na si Antonella?” tanong niya kay Declan bago ito naupo sa tapat ng mesa niya.

“Nagpapahinga na. Nag-iwan ako ng security detail sa bahay. Sila na muna ang bahala sa kanya. I need to talk to you. Seryoso si Antonella na gusto niyang ikuha ng abogado ang tarantadong ’yun, Quin,” singhal ni Declan. “He deserves one, she says. Oo, dahil nasa batas ’yun pero ’yung tayo pa ang kukuha ng abogado para sa kanya? That’s bullshit. Pagkatapos ng lahat ng ginawa niya kay Antonella? Kay Susan? Shit, kay Miss Honey?”

Nagngalit ang ngipin ni Quin nang maalala ang isa sa mga paborito niyang club members. “I know,” tiim-bagang niyang saad. “Pero alam mo naman si Antonella. Malambot ang puso n’un. He was her friend, and he’s mentally disturbed.”

“Fuck that,” muling singhal ni Declan. “He knew exactly what he was doing. That’s not mental illness,

Quin. It's just plain evil."

"Alam ko 'yun. Either way, karapatan niya ang kumuha ng abogado."

Muling nagmura si Declan. "The hell I am getting him one."

"Pagbigyan natin si Antonella ngayon dahil siya ang mahalaga. Kahit mag-insanity plea si Jerome, makukulong pa rin siya sa isang mental institution. And I swear to you, I will do anything in my power to ensure that he never gets out again."

Because if he does and he goes after Antonella or any other woman ever again, Quin will kill him himself. What was one more sin after everything else he'd done?

"You'd better," sagot ni Declan. Isang saglit siyang napaisip kung nabasa ba nito ang iniisip niya. "And, Quin, we really need to review everyone who has been given access to the club. We've made too many mistakes the last few months."

"Naka-hold na lahat ng bagong applications. For review na rin lahat ng mga bagong approvals nitong huling anim na buwan. Gusto mong sumali sa review panel?"

Bihirang makialam si Declan sa pagpapatakbo ng club kahit pa partner niya ito, pero ngayon ay tumango ang kaibigan.

“Good,” ani Quin. “Sasabihin ko na lang sa ’yo kung kailan. Nagpa-draft na rin ako ng bagong member contracts. If anyone thinks it’s too harsh, puwede silang umalis kahit kailan nila gusto. Tama ka, we’ve made too many mistakes and we’ve been too lenient with whomever our members invite to the club. We’re going to fix that.”

“Siguro parte lang talaga ’yan ng ganitong uri ng club,” napabuntong-hiningang saad ni Declan. “Ano’ng sabi ng tatay mo noon? You want to celebrate perversion, of course the perverts will celebrate with you.”

Dahil nakataas na ang isang sulok ng mga labi ni Declan, hindi na uminit ang ulo niya nang maalala ang mapangutyang sinabi ng tatay niya.

“And what’s wrong with the perverts?” tanong niya. “So long as mutual at consensual iyon, I don’t see the problem. Isa pa, ako na ang unang magsasabi na naiinggit lang ’yun dahil hindi siya puwedeng pumasok ng *Obsidian* para i-celebrate ang sarili niyang perversion.”

“I don’t want to think about whatever perversion your father has,” ani Declan na tumatayo na mula sa upuan nito. “Uuwi na muna ako ulit. Sabi ko kay Antonella sandali lang ako dito kasi titingnan ko lang ’yung clinic at si Allan, at kakausapin lang kita.

Gusto rin niyang mag-dinner ka sa bahay mamaya. Sasabihin ko bang pupunta ka?” Tumango si Quin. “Magdala ka ng dessert.”

Naglakad na si Dec palabas ng opisina pero huminto ito sa pintuan at muli siyang nilingon. “Quin, if there’s something we can do to ensure that that son of a bitch rots in jail, let’s do it, okay? I don’t care what it takes. Let’s make sure of it.”

Tulad ng mga mata nito, tumalas din ang mga mata ni Quin. Muli siyang tumango. “I promise.”

# 1



**N**ang hapong iyon, kumatok si Quin sa pinto ng isang hospital room at maingat niya iyong itinulak pabukas para masigurong hindi maiistorbo ang nasa loob sakaling natutulog ito. Nakatingin na sa direksyon niya si Honey Lee Arevalo. Muling sumulak ang matinding galit sa mga ugat ni Quin nang maalala ang nangyari rito, pero pinigilan niya iyon. Sa halip ay ibinalik niya ang malaking ngiti sa babae.

“Honey,” aniya nang makalapit dito. Iniabot niya rito ang dala niyang bouquet ng paborito nitong red roses saka ito hinalikan sa tuktok ng ulo nito.

“Thank you, sweetheart,” sabi nito na masaya ang tinig. Iisipin mong hindi ito kasalukuyang nasa ospital dahil sa natamo nitong pinsala matapos ang isang bayolenteng pangyayari. “May cake ako d’yan,” dagdag nito. “Actually, marami akong cake. Precy, bigyan mo ng cake si Quin.”

“Hindi, huwag na,” sabi niya sa nagbabantay kay Honey. “Okay lang ako.”

Naupo na lang siya sa tabi ng hospital bed at kinuha ang kamay na iniabot ni Honey sa kanya saka ito pinagmasdan.

Honey Lee was a free spirit and one of Quin's favorite people. She was funny, friendly and a huge flirt. Kaunti lang ang may alam na nagpa-miyembro ito sa *Obsidian* dahil ipinangako nito sa yumaong asawa na hindi na nito hahayaang magpadikta sa mga tao kung ano ang nararapat o hindi pagdating sa buhay at sa mga gusto nito.

Quin had reservations when it came to what she liked. You see, Miss Honey was into rape fantasies. She said she loved the idea that men wanted her so much that they lost control and had to have her at any cost and at all costs.

Siniguro ni Quin na kahit ganoon ang mga pantasya ng babae, walang kahit sino sa club ang mamimilit dito na gawin ang hindi nito gusto. Siniguro niyang lahat ng miyembro ng *Obsidian* ay pipirma ng kasunduan na maging silang may rape fantasies, babae man o lalaki, ay susunod sa patakaran na lahat ng magiging sexual encounters nila sa club ay consensual. If they wanted to play out their fantasies, they would play it out with someone who agreed to play it out with them. If you touched someone who didn't want to be touched by you in



*Obsidian*, Quin would make sure that you lose more than your membership in the club.

Kaya malaking dagok sa kanya na nangyari ito kay Honey. Di na baleng sa labas ng club nangyari iyon. Sa *Obsidian* pa rin nito nakilala ang nambiktima rito. It was still his responsibility.

“Huwag mo nga akong tingnan nang ganyan, nako-conscious ako.” Mahina itong tumawa saka pinisil ang kamay niya. “I’m okay. Malakas ako. I’ll get through this.”

“Honey, I’m sorry. I’m so sorry.”

Umiling ito. “Wala kang kasalanan. You did the best you could do to protect me while I’m in *Obsidian*. What happens outside is no longer your responsibility. It was my fault.”

Nagtiim siya ng bagang. “Hindi mo kasalanan ang nangyari, Honey.”

She looked at him through one good eye because the other one was still swollen shut by a brutal black and blue bruise.

“Hindi ba?” tahimik nitong tanong. “Everyone knew about what I liked sexually. Hindi ba ako ang nag-imbata sa kanya na gawin ito?”

“Fuck that, Honey,” he snarled. “This wasn’t your fault and you didn’t deserve this. Ako ang harapin ng kung sino’ng magsasabi sa ’yo na kasalanan mo ’to.”

“But he said I asked for it,” sabi nito na nangangatal ang boses. “Hindi ko masabing hindi dahil hiningi ko naman talaga ’to.”

“No, you didn’t. Sumali ka sa *Obsidian* so you could indulge in your fantasies in a controlled environment with people you knew, people *I* guaranteed you could trust,” mapait niyang saad dahil nagkamali siya roon. Siya ang naglagay kay Honey, at sa lahat ng mga babae sa *Obsidian*, sa panganib. “It’s the same way how some women read scenes about sexual assault in books. Because that’s the only way they can process it without ever experiencing it in real life. That’s why they’re called fantasies, Honey. It doesn’t mean they want it to happen outside the book. It doesn’t mean you wanted this to happen outside *Obsidian*. No woman deserves to be—”

He shut up. Ni hindi niya masabi ang salita. The word made him sick.

Nagsimulang umiyak si Honey at walang magawa si Quin. He couldn’t hold her because he was afraid that a man’s hold would just make matters worse for her.

“Honey, please,” mahina niyang saad. “Hindi mo kasalanan ’to. Wala kang kasalanan dito. Siya ang gumawa nito. And I promise you, I’ll make sure he

pays for what he did. He'll never hurt you or anyone ever again."

Tumango ang babae at maingat na pinunasan ng dulo ng isang daliri ang luha sa pisngi nito.

Pinisil niyang muli ang kamay nito na nasa palad niya. "Ako na ang bahala sa lahat ng medical bills mo. And I'll refund your membership fee. Kung may kailangan ka, huwag kang mahihiyang tumawag sa 'kin. We'll miss you at the club but we understand why you won't want to come back."

Sumimangot ang babae. "Not come back? Sweetheart, you're not telling me you're revoking my membership, are you?"

Nabigla si Quin. "Ah, well, no. Naisip ko lang na matapos ang nangyari..."

Umiling ito at napuno ng determinasyon ang mga mata. "No, Quin. You're not keeping me away from *Obsidian*. Tama ka. I was there to indulge my fantasies because I knew I was safe there. It's my safe space, Quin. It's my sanctuary, my escape. That's the only place I know where I can be myself without being judged. Don't take that away from me."

"Then I won't," pangako niya.

"And you don't need to give me back my membership fee. You can use that."

"All right, but I'm waiving your annual

membership fee from now on. Ituturing ko nang lifetime membership 'yung last payment mo. You know you're always welcome there, right?"

"I do. It's the one place I've always been welcomed. Kaya ako masaya d'un, Quin. And I hope you don't think na kasalanan mo rin itong nangyari."

Hindi siya nagsalita. Hindi nga ba niya kasalanan talaga?

Iniangat ni Honey ang isang palad saka iyon inilapat sa pisngi niya. Siya ngayon ang inalo nito. "After my husband died, ikaw na ang naging pinakamalapit kong kaibigan. Ikaw lang ang nakaintindi sa 'kin. What you did, when you welcomed me to your club and you became my friend, when you gave me the opportunity to explore my fantasies, you saved my sanity, Quin."

Dahil sa relasyon nilang iyon, kaya rin niya nakuhang magsabi rito. "I've made so many mistakes, Honey. Sunud-sunod, with fatal consequences."

"The best thing about making mistakes is that we learn from them, and we know to try not to make the same ones again. Kung anuman ang naging pagkukulang mo rito, hindi pa huli para ayusin."

He gave her a small smile. "Thank you. Pero huwag mo na kaming problemahin. Focus on yourself. Huwag mong madaliin ang paggaling mo,

okay? Do what you think is best for you.”

Tumango si Honey saka ngumiti sa kanya. “Are you sure you don’t want cake? Parang gusto ko na ng cake ngayon.”

Tumawa na si Quin. “Sige na nga. Pahingi na rin.”

Pero habang kumakain, nakinig lang siya sa mga kuwento ni Honey.

Alam niyang iba-iba ang paraan ng tao sa pagharap sa problema. Nasa personalidad lang talaga ni Honey ang ganito but most victims are in shock, angry, scared and humiliated after an assault. At bakit hindi? Alam ni Quin na isa sa mga pinakamatinding violation ng pagkatao ang rape.

*Only monsters could do things like that, force someone into giving them their bodies against their will.*

Maingat niyang ibinaba ang platito at tinidor na hawak niya dahil nagsimulang manginig ang mga kamay niya sa galit at pagkamuhi. Pero nagpatuloy lang siya sa pakikinig sa mga plano ni Honey. Alam niyang ito ang paraan ng babae para malampasan ang nangyari.

At isinusumpa ni Quin, tutulungan niya ito hanggang sa abot ng makakaya niya. Kung hindi man niya matulungan lahat ng mga babaeng

makakaranas ng ganito sa labas, he was going to make sure that every woman who would come into his club would be safe.



Masakit na ang ulo ni Quin nang bumalik siya sa *Obsidian* pagdating ng hapon. Nakalimutan niyang bumili ng dessert para sa hapunan kina Declan kaya naisip na lang niyang tumawag sa kitchen at mamalimos ng dessert doon kaysa lumabas pa siya ulit. Matutulog na lang muna siya kahit sandali lang bago niya puntahan ang kapatid.

Papasok na siya ng elevator nang makatanggap ng tawag sa assistant/bodyguard niyang si Max na hinihintay siya ni Sebastian Gonzales, isa sa mga pinakabatang members ng club, sa opisina niya.

“Tungkol daw saan, Max?”

“Ayaw sabihin, sir. Ikaw daw ang gusto niyang kausapin.”

Bumuntong-hininga siya. “Sige. Papunta na ako.”

Naglakad siya papasok ng restaurant kung saan marami nang taong kumakain. Binati siya ng mga naroon kaya ngumiti siya at huminto sa ilang mesa bago dumerecho sa tahimik pang bar, at sa pinto papunta sa hagdan paakyat ng opisina niya.

Binati siya ni Max. “Nasa loob na siya, sir,” sabi nito.

“Sige. Thank you.”

Pinagbuksan siya nito ng pinto at pumasok siya para makita ang lalaking nakaupo sa sofa. At twenty-two, isang taon pa lamang itong miyembro ng *Obsidian*.

Gaya ni Quin, anak ito ng isang senador. Magkaalyado ang mga ama nila, parehong anti-reproductive health bill noon at parehong anti-sex education. Ang membership nito ay iniregalo ng tiyuhin nito kay Seb. Pang-asar daw sa kuya nitong ipokrito at dahil naaawa na rin daw ito kay Seb na halatang mataas ang sex drive pero repressed dahil nga sa mga opinyon ng mga magulang nito tungkol sa sex.

Isang buwan yatang hindi umuwi si Seb noong unang tapak nito sa *Obsidian*. Sinubukan nito ang lahat ng maaaring subukan mula sa pinakasimpleng patagong hipuan sa club hanggang sa makasalubong ito ni Quin na may suot na dog collar at leash habang iginigiya papunta sa isa sa mga BDSM rooms ng isang club member na kilalang dominatrix.

Siyempre, hindi nagkomento si Quin. Kung siya rin siguro si Seb, malamang ay sinubukan din niya ang lahat ng maaari niyang subukan noong unang pasok niya sa *Obsidian*.

“Seb,” tawag niya na inilalahad ang palad sa

lalaking mabilis na tumayo. “What can I do for you?”

Isinuklay ni Seb ang mga daliri sa buhok, isang kilos na nagpapakita ng pagkabalisa nito. “Quin, I need your help. May tumawag sa ’kin kanina. May kopya daw sila ng sex tape ko. They want fifty million pesos or they’d release the tape.”

“Kung nag-record kayo ng sex tape, alam ninyong hindi na sagot ng *Obsidian*—”

“That’s the thing, Quin. Hindi kami nag-record ng sex tape. Someone recorded us without our knowledge. And they did it here, sa *Obsidian*.”

*Well, fuck.*



## 2



Hindi alam ni Jacinda Legarda kung ano ang i-e-expect pagdating niya sa *Club Obsidian*.

Pagpasok niya kanina sa opisina, sinalubong siya ng boss niya, who also happens to be her godmother, para sabihing may bago siyang kasong hahawakan at na umalis na siya para pumunta sa hotel. Wala siyang pagkakataong mag-research man lang kaya nagtanong siya sa mga kaopisinang lalaki.

“Hala! Di ba sex club daw ’yun?” tanong ng isa sa mga katrabaho niya.

Muntik lumuwa ang mga mata ni Jax pero walang makapagsabi sa kanya kung totoo iyon o hindi.

Hindi rin siya nabigyan ng pagkakataong mag-research nang mas matagal kaya ni-*Google* lang niya ang pangalan. Wala siyang nakitang site, account, o kahit social media user na nagbabanggit sa club. Maging sa *Google Maps* ay wala ito. It was like a huge, open secret that people were afraid to talk about.

“Bakit mo natanong?” usisa ng isa pa niyang

katrabaho.

“Bagong kaso, eh. Kailangan kong pumunta d’un.”

Halos kuyugin siya ng mga katrabaho sa *Cybercrime Division* ng *National Bureau of Investigation* nang sabihin niya iyon.

Kung anu-anong bribe ang inialok ng mga loko sa kanya para lang pumayag siyang maging partner ng mga ito sa kaso ngayong naka-maternity leave ang partner at best friend niyang si Evelyn. Makatapak man lang daw ang mga ito kahit sa lobby lang ng hotel. Iyong mga dati na raw kasing nakapasok doon ay ayaw magsalita tungkol sa club. Gusto lang daw makasilip ng mga ito.

Hindi si Jax iyong tipong nadadaan sa bribe pero kahit na ganoon pa, hindi rin siya puwedeng magsama dahil siya lang ang nabigyan ng permiso ng mga boss nila sa *NBI* at ng may-ari ng club na pumasok doon. That permission was in the form of a glossy black credit card-sized card na may nakasulat na salitang *OBSIDIAN* sa gitna na mababasa lang kapag nakaanggulo iyon. It was cool actually. O dahil ba mababaw lang talaga si Jax kaya aliw na aliw siya?

Ipinakita niya ang card sa sekyu sa gate. At pagkatapos niyang iparada ang kotse niya sa parking lot, sa sekyu naman sa front door ng hotel niya iyon

ipinakita. Nang marating ang reception desk sa lobby, saka na niya inilabas ang badge niya.

“Sandali lang po, ma’am,” sabi ng nakangiting receptionist. “Itatawag ko lang po sa itaas.”

“Okay.”

Nagmasid siya sa paligid habang naghihintay sa kailangan niyang kausapin. Tulad ang lobby ng lobbies ng mga 5-star hotels. Mas classy pa nga kumpara sa iba. Sabagay, ano ba ang iniisip niya na makikita niya? Na nakakalat ang mga kamang may silken sheets at heart-shaped na headboards kung saan may nakakabit na mga posas?

Sorry na, walang experience si Jacinda sa sex clubs. Hindi siya mahilig sa sex. After her one and only experience...

Ipinilig niya ang ulo. Naka-recover naman na siya. She was living a normal life. At kung minsan ay inaatake pa rin siya ng anxiety dahil doon, alam niya kung paano niya mapapanatag ang sariling kalooban. Hanggang ngayon ay ginagawa niya ang lahat ng makakaya para hindi lumabas ang nangyari sa kanya.

It had been the worst thing to ever happen to her, and was the worst betrayal from someone she had loved and trusted. But she fought with everything she had to survive and move on. Hindi man niya

naibalik sa dati ang buhay, she was proud of the person she'd become because she went through something like that.

“Ma’am,” tawag ng receptionist. “Sandali lang po, ah. May bababa po para sunduin kayo.”

“Sige, thank you.”

Wala pang tatlong minuto, may lalaking lumabas mula sa double doors papasok sa isang bahagi ng lobby.

“Kayo po ’yung *NBI* agent?” tanong ng lalaki.

Tumayo na siya. “Opo. Ako po si Jacinda Legarda.”

“Sige, ma’am. Pasok na po tayo.”

Sumunod siya sa lalaki papasok ng isa palang restaurant. Ulit, para lang itong karaniwang sosyal na restaurant na maganda at classy ang design. May mga kumakain na roon at muntik na siyang matalisod nang makilala ang dalawang senador, isang international recording artist, isang basketball player at isang bilyonaryong businessman.

She had no idea na miyembro ang mga ito ng nasabing sex club.

Iginiya siya ng lalaki papasok sa isa pang set ng mga pinto, papunta sa hagdan paakyat ng sa palagay niya ay mezzanine. May isa pang lalaki doon na matangkad, maskulado—at armado—na nakaupo

sa likod ng isang mesa at nagbabasa sa computer screen.

“Kuya Max,” sabi ng lalaking sumundo sa kanya. “Eto na si Miss Legarda, ’yung *NBI* agent.”

“Ah, sige. Salamat.” Tumayo ang lalaki at naglakad papunta sa isa na namang set ng mga pinto. Kumatok ito at binuksan ang pinto. “Boss, nandito na ’yung agent.”

“Papasukin mo na,” sabi ng isang malalim, sexy at masculine na tinig na tumagos hanggang sa kaibuturan ng pagkatao ni Jax.

Nagsimula ang init sa sikmura niya. She felt her fingertips begin to tingle hanggang sa sumiklab na iyon at kumalat hanggang sa mga braso at binti niya. Pinilit niyang humakbang kahit pa sa palagay niya ay mapapaluhod na lang siya nang di oras. At nang tuluyan na siyang makapasok ng opisina, kahit nakatalikod ito sa kanya, kilala niya ang lalaking nakatayo sa may bintana.

Pamilyar sa kanya ang tindig nito, ang lapad ng mga balikat nito sa ilalim ng long-sleeve nitong polo. Pamilyar ang boses nito dahil narinig na niya iyong bumubulong sa tainga niya, ang mga kamay nitong humaplos na sa balat niya at ang mga labi nitong walang sawa niyang tinikman isang gabi nang magpasya siyang ito ang birthday gift na ibibigay

niya sa sarili.

Eighteen siya noon, inosente, in love, walang kamalay-malay na magiging bangungot ang lahat.

Nang sa wakas ay bumaling sa kanya si Quintin Antonio Tanseco IV, she felt her whole body freeze over. Mukhang ganoon din ang lalaki. Dahil nang magtama ang mga mata nila, nabitawan nito ang hawak nitong baso. Malakas sa pandinig ni Jax ang tunog ng pagkabasag niyon sa sahig.

“Jacinda.”

His voice was still painfully familiar that it made Jax sick to her stomach. Humakbang siya paatras, pagkatapos ay tumalikod at nagmamadaling lumabas ng silid. Hindi siya huminto sa paglalakad hanggang sa nakabalik na siya sa kotse niya. Sumakay siya roon saka iyon pinaandar. Pinaharurot niya ang sasakyan palayo na tila ba hinahabol siya ng pitong demonyo.



Hindi namalayan ni Quin na nabitawan na pala niya ang basong hawak niya. Nanghihina siyang naupo sa sahig at napasandal sa dingding.

Hindi niya inakala na makikita pa niya ulit si Jacinda Legarda kahit kailan. It wasn't as if he could forget her, because he couldn't. For as long as he lived she would forever haunt him.

And he'd let her.

He'd let her torment him into eternity because that was what he deserved. No, kulang pa iyon. Kulang pa na habambuhay niyang pagdusahan ang ginawa niya kay Jacinda. He deserved to burn in hell for what he did.

Because one drunken night a long time ago, he had raped her.

## 3



**A**t twenty-eight, Jax was both a computer expert with a degree from the *Massachusetts Institute of Technology* and a law degree from the *University of the Philippines*. Bata pa man siya ay gusto na niyang maging abogado pero iyong maging *NBI* agent, naisip lang niya iyon nang bumalik siya ng Pilipinas.

Gusto kasi niyang masigurong matutulungan niya ang mga babaeng mabibiktima na tulad niya. Kung hindi man niya matulungan ang sarili niya, isinusumpa niyang tutulungan niya ang ibang babaeng hindi mabibigyan ng pagkakataon na tulad niya.

*“If for any reason gusto mong mag-back out sa kaso, just let me know,”* her godmother had said empathically.

This must have been the reason. It was the reason. Alam nito na may nakaraan sila ni Quin kahit pa hindi nito alam ang specifics ng nakaraan na iyon.

Siguro sa puso ni Jax, alam niyang magkikita pa



silang dalawa ng lalaki. Hindi niya alam kung paano o bakit, basta alam niya.

When she was younger, she had been so in love with him. Fourteen pa lang siya natuto na siyang maglandi para lang makuha ang atensyon nito. She didn't care that they were from opposing political families. To her it was romantic, like *Romeo and Juliet* romantic. It never occurred to her at that time that Romeo and Juliet never had their happy ending.

Natuto siyang mag-makeup para kay Quin. Natuto siyang mag-ayos ng buhok, magbihis ng maganda at magsuot ng heels. Lahat ginawa niya para magmukhang mature dahil noong fourteen siya, eighteen na ito. Wala siyang panama sa mga mas mature na babaeng nakaka-date nito.

One time, when she had been sixteen, muli siyang ipinakilala kay Quin ng mutual friends nila, at sa wakas ay napansin din siya ng binata. They had danced that night, talked until sunrise, at pagkatapos ay inihatid na siya nito sa bahay nila na ang pabaon lang ay isang halik sa noo. She was over the moon about that.

Ikinatuwa rin ng puso niya na mula noon, bigla na lang na tuwing umuuwi ito sa kanila sa Pampanga, hindi na ito nagsasama ng ibang babae. Nabawasan na rin ang mga balita tungkol sa girlfriends nito. He

took her out, gave her gifts and flowers, called and texted her all the time. At alam niyang nanliligaw ito kahit pa wala silang pormal na usapan.

Nang derechahan niya itong tinanong kung ano ba silang dalawa, derecho rin siya nitong sinagot na binabakuran lang siya nito para pag eighteen na siya, manliligaw na ito sa kanya.

*“Kailangan ba talagang kapag eighteen na ako?” nakasimangot niyang tanong dito nang sabihin nito iyon sa kanya.*

*Kinurot nito ang tungki ng ilong niya. “Opo, dahil corruption of a minor ang gagawin ko kung ngayon pa lang maging girlfriend na kita.”*

*Humalukip siya. “Hmp. As if sasagutin naman kita agad.”*

The smile he had given her then had been filled with hot promise that made her chest tighten. Iyon lang, isang ngiti lang, handa na siya ibigay ang lahat dito.

Pero walang ginawa si Quin. Walang follow through sa banta sa mga mata nito, walang kiss, ni walang sexual na joke. At umuwi lang siyang sexually frustrated at inis na inis sa lalaki.

He had tortured her with his respect for her and his gentlemanly ways. Kahit itinapon na niya ang pride niya, tinalikuran ang mga turo ni Sister Editha

tungkol sa modesty, at ipinahiya ang mahabang linya ng mga Maria Clara sa pamilya niya, nanatiling matibay si Quin. Nagmistula itong may vow of chastity dahil sa tatag ng control nito pagdating sa kanilang dalawa.

And she had trusted him with all of her.

Until that night.

Nang mangyari ang nangyari noong gabing iyon, ikinagulat niya ang ginawa ni Quin. Hindi niya inakala na kaya iyong gawin ng lalaki. Because no matter what she had done before to seduce him, kahit pa hantaran siyang naging malandi rito, he had no right to do what he did that night.

She realized na naging malandi siya sa lalaki dahil may tiwala siya rito. What he did had broken her.

It had been ten years ago and she still felt the betrayal. She hadn't been able to pick the pieces of her broken heart yet. And because of what happened she didn't think she'd be able to trust him, or any man, ever again.

Pero bakit siya pabalik ng *Obsidian* ngayon?

Matapos ang mahigit isang oras na nagmamaneho lang siya na walang pupuntahan, nakita niya ang sariling pabalik sa hotel na parang iyong gamu-gamo sa children's story ni Jose Rizal na hindi napigilang

lumapit sa apoy kahit pa pinagsabihan na ito na delikado iyon.

Pero hindi gaya ng gamu-gamo, alam ni Jax na hindi ito katigasan ng ulo.

It was more of a mix of responsibility, dedication to her job, and maybe because she owed it to herself. For her, it had been ten years of anxious waiting, of fear that someone would find out, of bitter mistrust that she knew had sometimes crippled her. Maybe this was what she needed to finally let the past go.

She really didn't know. Bahala na pagbalik niya roon. Basta ang iisipin niya ngayon ay ang trabaho niya.



Hindi siya huminto sa reception area nang bumalik siya sa hotel. Dumerecho na siya sa loob hanggang sa mesa ng assistant/bodyguard ni Quin na tumayo pagkakita sa kanya. Humarang ito sa pinto bago siya makapasok pero tiningnan lang siya saglit. Pagkatapos ay kumatok na ito sa pinto at sinabihan si Quin na naroon siya ulit.

Handa na silang dalawa nang muli siyang pumasok sa opisina ng lalaki.

Sana puwede niyang sabihing pumangit ito pero guwapo pa rin si Quin. If anything, he was more good-looking now than he had been. He seemed

taller, bigger, his presence more powerfully confident that it bordered on arrogance. It was so messed up that combined with the contempt she felt for him was the same familiar heat in her belly that she had felt for him ten years ago.

Pinagmasdan lang niya ito, hindi sigurado kung ano ang sasabihin dito. What do you say to someone you're seeing again for the first time in ten years after something horrible had happened between the two of you?

“Jacinda, how—” Marahas na lumunok si Quin. “How are you?”

She almost laughed at the innate question before she replied in a sarcastic manner. “Do you really want me to answer that?”

Hindi ito nag-alis ng tingin sa kanya. “Sinubukan kitang puntahan... pagkatapos. Pero hindi pumayag 'yung pamilya mo na makita kita,” tahimik nitong saad.

Hindi iyon alam ni Jacinda. Matapos ang nangyari, lumuwas siya ng Manila para lumayo, at wala pang isang linggo pagkatapos niyon ay nasa America na siya.

Umiling si Jacinda. She wasn't ready for this. She wasn't ready for his explanation. She just wasn't ready.

“Nandito ako para magtrabaho. I want to focus on that.”

“I know how hard it must be for you to work with me so kung gusto mo, I can contact your supervisor and request for another agent.”

Muli siyang umiling. “My boss said it involves an illegally obtained recording and blackmail. I’m assuming it was a sex tape?”

“Yes.”

Nagngalit ang bagang niya sa kawalan ng emosyon sa mukha at sa sagot ni Quin.

“Then whoever the victim is, he or she is lucky that I’m the one who’s handling the case,” mariin niyang saad na mapait ang tinig.

“Sigurado ka bang kaya mo akong makatrabaho?” he insisted gently, almost kindly. It made her want to hurt him.

“Ikaw, sigurado ka bang kaya mo akong makatrabaho?” balik niya.

This time their eyes met, held. She knew hers still burned with bitter anger, while his had burned with bitter regret.

“Kaya kitang makatrabaho, Jacinda,” tahimik nitong saad. “Kung ang kaparusahan ko para sa ginawa ko sa ’yo noon ay kailangan kitang makita araw-araw para ipaalala sa ’kin ang kasalanan ko,

then I'll take it. Kahit habambuhay ko pa 'yung pagbayaran.”

She shut off her emotions and shifted her gaze away from his. Ayaw niyang maawa o madala sa mga salita nito. Sabi nga niya, hindi pa siya handa at hindi pa ito ang panahon na pag-usapan nila iyon kung magkakaroon man ng tamang panahon para sa ganoong uri ng bagay. Hindi niya alam kung magiging handa siya pero alam niya na kailangan. Again, because she owed it to herself.

## 4



Quin had been quite sure he was prepared to face hell. Pero hindi niya inakalang ganito pala iyon. Parang mas gusto niya iyong konsepto ng habambuhay na masunog sa apoy ng impyerno kaysa dito na kasama niya ulit si Jacinda.

Matapos pumirma ng non-disclosure agreement, hiniling ng babae na makilala si Seb. Tinawagan niya ang lalaki para papuntahin ito sa club. Saka nanghingi ng tour ng club at ng hotel si Jacinda.

Her soft, subtle scent teased his nose, both soothing and torturous as it tore his soul apart. Iba na ang pabango ni Jacinda ngayon kaysa sa gamit nito noong teenager ito. This one was sexier, bolder, mas bagay sa mas mature na Jacinda.

Pero malamang ay nagpalit ito ng pabango dahil ayaw na nitong gamitin ang lahat ng mga gamit nito nang gabing lapastanganin niya ito. Hindi siya magugulat kung sinunog nito ang lahat ng suot nito nang gabing iyon.

Pinilit niyang hindi magnakaw ng tingin sa



babae habang pababa sila sa bar. He had no business looking at her. Pero hindi niya masabi kung alin ang mas matimbang na parusa, ang tingnan niya ito para ipaalala sa kanyang isang beses sa buhay niya ay naging halimaw siya, o ang kawalan niya ng karapatan na tingnan ito.

Mas lalo lang gumanda si Jacinda. Walang bahid ang maamo nitong mukha ng pinagdaanan nitong bangungot sa mga kamay niya. Nakasuot ito ng puting blusa na nakatupi hanggang siko ang mga manggas at isang butones lang ang bukas sa lalamunan nito. Itim ang slacks nito at nakasuot din ito ng heels. Hindi niya alam ang standard na uniporme ng *NBI*, but she looked like she had dressed up today. Mas maiksi rin ang buhok nito kaysa sa naaalala niya. Lampas lang iyon ng mga balikat nito at wala itong bangs.

His heart still ached for her, for what he had lost, for what he did that had made him lose her, for what he had done to make him lose his soul.

Minura niya ang sarili sa isip niya. Tama lang iyong masaktan siya, na magdusa siya. Pagkatapos ng ginawa niya, hindi niya alam kung ano ang dapat na kabayaran para kahit paano ay mabawasan ang dinadala niyang lamat sa kaluluwa niya. O kung gusto ba niyang mabawasan iyon dahil siya na

ang unang-unang magsasabi na dapat lang siyang magdusa.

Iginiya niya papasok ng bar si Jacinda. Alas cuatro pa lang ng hapon kaya tahimik pa roon.

“This is *Club Obsidian*,” sabi niya habang muling pinagmamasdan ang malawak na silid. Alam niyang naghihintay si Jacinda na may sabihin pa siya pero hindi niya alam kung ano pa ang puwedeng idagdag doon. It really was just a club to him. Sinundan siya nito palabas papunta sa bar area. “This is the bar and primary restaurant.”

Muli ay halos madama niya ang mga katanungan ni Jacinda pero nanatili itong tahimik habang naglalakad sa tabi niya. Huminto siya sa ilang mga mesa para batiin ang mga bisitang ngumiti at kumaway sa kanya, pero hindi niya ipinakilala ang babae kahit pa nakatanggap ito ng ilang curious na tingin. He wasn't being impolite. Naiintindihan naman iyon ng mga bisita. Hindi sila obligadong ipakilala ang mga kasama nila sa isa't isa.

Gayunpaman, ipinakilala ni Quin si Jacinda sa head bartender nilang si Eric.

“She's here to investigate something for us,” sabi niya sa lalaki na tumango. Nitong huling mga buwan, sanay na ang lalaki na may nag-iimbestiga sa *Obsidian*.

Si Jacinda naman ang binalingan niya. “Kung kailangan mong mag-interview ng staff, I’d appreciate it kung ipaalam mo muna sa ’kin o kay Max.”

“I’m not going to give you time to coach them regarding what they tell me, Mr. Tanseco,” babala nito.

“That wasn’t what I meant, Miss Legarda. I’m not going to let you interview my employees outside their workday dahil personal nilang oras ang oras nila sa labas ng hotel na ito, and this is an issue within *Obsidian*. Hindi ako papayag na maabala sila nang ganoon. Ibig sabihin kailangang may mag-cover para sa kanila sa oras na i-interview-hin mo sila. Kailangang ayusin ng mga shift managers nila in advance kung makukulangan sila ng tao.”

“At paano ang mga members mo? Puwede ko ba silang ma-interview?”

“It is up to them,” sabi niya. “But they do have the right to refuse, don’t they?”

Tumango si Jacinda saka muling nagsalita. “Pagkatapos kong ma-interview si Mr. Gonzales, I would like to talk to you.”

“Of course,” he replied. He hoped he didn’t sound resigned when he said that. Iginiya niya ang babae palabas ng lobby. Binigyan lang niya ito ng mabilis na tour sa mga opisina at ipinakilala ito sa

mga empleyado na naroon. Inilibot din niya ito sa hotel kitchen at sa klinika. Wala roon si Declan dahil nagpaalam ang kaibigan na magbabakasyon muna para makasama si Antonella. Pumayag siya dahil mas makabubuti para sa peace of mind nilang lahat ang kaalaman na hindi nag-iisa ang kapatid matapos ang pinagdaanan nito.

Wala pang isang oras ang ginawa nilang paglibot sa hotel pero paglabas nilang muli sa lobby, parang hapong-hapo ang pakiramdam ni Quin.

Mas aktibo kasi ngayon ang konsyensya niya sa pangungutya sa kanya dahil kasama niya si Jacinda.

Pero kung ganito siya, paano pa kaya ang babae? Paano nito natitiis na kasama siya? Na nakikita siya? Hindi ba ito nilalamon ng mga alaala? Dahil pakiramdam niya ngayon masisiraan na siya ng bait dahil naririnig niya sa isip niya ang mga sigaw nito noon na nagsasabing huminto siya at na bitawan niya ito.

He seriously needed a bathroom at the moment because he wanted to throw up.

Nagpasalamat siya nang makitang nakaupo sa sofa sa lobby si Seb. Lumapit siya rito.

“Seb, thank you for coming,” aniya nang iabot niya ang kamay rito.

“Thank you for calling me,” sagot ng lalaki bago

nito binalingan si Jacinda. “Hello.”

“Good afternoon. I’m Jacinda Legarda with the *NBI*. I would like to ask you a few questions so we can start the investigation.”

“Yes, of course.”

“Doon na tayo sa opisina ko,” aya ni Quin bago niya tinalikuran ang dalawa.



Tahimik na sumunod si Jax kay Quin sa opisina nito. Kinailangan niyang i-shut down ang sarili at ihiwalay ang personal feelings niya para lang makapag-concentrate siya.

Siguro ang tamang gawin ay ang talikuran itong kasong ito. Kapag ikinuwento niya ito sa therapist niya, baka maging ang babae ay bumula ang bibig sa kalokohan niya. Hindi niya alam kung ano na naman ang magiging lagay ng mental health niya ngayon, pero alam niyang hindi niya puwedeng ibigay sa iba ang kasong ito. Siya ang kailangang humawak dito.

Pumasok sila sa opisina ni Quin. Pinaupo niya si Seb sa sofa at doon siya pumuwesto sa armchair. Nanatiling nakatayo si Quin, malayo sa kanila, nakasandal sa mesa nito at nakahalukipkip.

Normally, he shouldn’t be allowed here, listening in on the interview, pero sabi rin sa kanya ng boss niya kanina na hayaan ang CEO ng kumpanya na

maging involved sa kaso. Conveniently, hindi sinabi ng boss niya kung sino ang CEO na iyon, probably because of that damn non-disclosure agreement.

Kung alam ba niya, tutuloy siya rito? Hindi niya alam.

She tried not to think about it. The case was more important.

“Can you tell me what happened?” tanong niya rito matapos buksan ang note-taking app sa tablet niya.

He looked nervous, uncomfortable, and incredibly young. Ilang taon na ba ang batang ito at pinapapasok na sa sex club?

Sinulyapan nito si Quin saka muling ibinalik ang tingin kay Jax.

“All right,” ani Seb na bumuga ng hangin. “I was here a few weeks ago just to hang out. I had a few drinks and ended up talking to a few people. And well...” Nagsimulang mamula ang lalaki at lumunok ito. “We went up to the room, and, you know,” he ended with a shrug, obvious na nahihiya itong sabihin kung ano ang nangyari.

“I’m sorry, Mr. Gonzales, but you’re going to have to tell me directly what happened,” she told him gently. “Hindi po puwedeng ako ang magpuno sa mga hindi mo masabi.”

Tumikhim ito at muling sumulyap kay Quin. “We, uh, had a threesome.”

Nanatiling hindi nagbabago ang ekspresyon ni Jax. Nagkunwari siyang normal na sa kanya ang makuwentuhan tungkol sa threesomes.

“Then last week I started receiving text messages.” Kinuha ni Seb ang *iPhone* nito mula sa bulsa. “Ni-delete ko ’yung mga unang messages kasi akala ko spam text. But they sent this.”

Inabot ng lalaki kay Jax ang phone. She looked at a picture that was straight out of a porn scene. May dalawang lalaki roon, isang nakahiga sa kama at si Seb na nakaluhod sa likuran ng isang babaeng nasa pagitan nila. The woman’s head was thrown back, her face contorted in a scream of what Jacinda hoped was pleasure. Malinaw ang kuha nito kaya hindi maikakaila kung sino ang mga nasa larawan.

She tried not to show her surprise because she recognized the woman in the picture. She knew Angela dela Vega. Asawa ito ng mayor nila sa Pampanga, the same mayor who was Quin’s cousin.

“Tapos pinadala niya ’to.” Inabot muli ng lalaki ang phone, swiped a finger over the screen, then gave it back to her. It was a six-second video of the same scene.

“Preview lang daw ’yan. They said they have a

longer version because they videotaped the whole thing. At gusto niya—o nila—ng fifty million pesos para hindi nila ipakalat.” Marahas na lumunok ang binata. “I can pay, pero ano ba ang guarantee na hindi sila manghihingi ng additional na pera? Gaano kadali na lang i-share ’yan? All you need is one *Facebook* post.”

“Did they give you a deadline for the payment?”

“Yes. Two weeks from yesterday.”

“At ’yung mga, uh, partners po ninyo? Did you notify them?”

Umiling ito. “Hindi ko pa sila sinasabihan. Gusto ko munang ipaalam kay Quin at sa awtoridad.”

Tumango si Jax.

“May I have their names?”

“Parker Tan and Angela dela Vega,” sagot ni Seb.

Isinulat ni Jax ang mga pangalan na hindi ipinapahalata na kilala na niya si Angela.

Sa kabila ng ginagawa, napuno ng tensyon ang katawan niya nang mapansin niyang kumilos si Quin para magtungo sa likod ng mesa nito. She hated that she still had this awareness of him. Hindi niya ito tiningnan.

Ilang minuto pa silang nag-usap ni Seb at sinagot nito ang iba pa niyang mga katanungan. Nang matapos, nangako siyang gagawin ang lahat



para malutas ang kaso saka siya nagpasalamat. Pagkatapos ay inihatid na ito ni Quin sa pintuan. Matapos ang sandaling tahimik na pag-uusap, tuluyan nang lumabas ang lalaki.

Nang isarang muli ni Quin ang pinto, sinulyapan siya nito bago nag-iwas ng tingin at muling naglakad papunta sa mesa nito.

“Handa na ang files nina Parker Tan at Mrs. dela Vega. I can print them out for you but unfortunately, I can’t let you take those files out of the premises.” Bago pa niya maitanong kung ano ang silbi niyon, nagpatuloy na sa pagsasalita si Quin. “But I will have an office prepared for you para makapagtrabaho ka rito. Huwag kang mag-alala. Hindi mo ako makikita kung hindi mo kailangan.”

She gritted her teeth and nodded.

“Do you need anything else?”

“Aside from the files, I also need to talk to them. Kung puwede mo’yung i-arrange as soon as possible. I also need access to the security tapes, and the files of every hotel staff member who went in and out of the room, as well as all those assigned to the floor.”

“I’ll have them ready for you tomorrow.”

Ibinalik ni Jax sa bag niya ang tablet at phone niya. “In that case, aalis na ako.”

“Salamat sa tulong mo,” sabi ng lalaki. “Kung

may kailangan ka, sabihin mo lang sa 'kin, o kay Max kung mas komportable ka sa kanya.”

“Salamat.”

Hinila niya ang strap ng backpack niya sa ibabaw ng isang balikat saka naglakad papunta sa pinto. Pero huminto siya at inilapat ang palad sa kahoy bago pa iyon mahila pabukas ni Quin. Hindi niya ito nilingon.

“Did you do it?” tahimik niyang tanong. “Did you put the camera in that room to film them?”

“Of course not, Jacinda,” kunot-noo nito sagot. “Why would I?”

She didn't answer. She only turned her back and left.

# 5



**M**aaga pa kinabukasan bumalik na sa *Obsidian* si Jax. Nakatanggap kasi siya ng email mula kay Quin. Siguro ay limang minuto lang siyang nakatingin sa pangalan nito sa inbox niya bago niya binuksan ang email. Binigyan lang siya nito ng update tungkol sa mga ni-request niya kahapon. Handa na raw ang impormasyong hiniling niya pero maaari lang niya iyong i-access sa opisina. Kausapin lang daw niya si Max pagdating niya roon at sasamahan daw siya ng assistant sa opisina ng itinalaga para sa kanya.

Dumerecho si Jax sa mesa ng assistant ni Quin.

“Good morning, Max,” bati niya at nginitian siya nito.

“Good morning, Jax,” nakangiti nitong sagot bago may iniabot na keycard na nasa ibabaw ng mga papel sa gilid ng mesa nito.

“Si Mr. Tanseco?” pasimple niyang tanong.

“Umakyat na sa suite niya.” Tumayo na si Max mula sa mesa nito. “Lika, sasamahan na kita sa

opisina mo.”

Sumunod siya sa lalaki pababa hanggang sa mga private elevators. “Gaano katagal ka nang nagtatrabaho para kay Mr. Tanseco?”

Sinulyapan siya ni Max. “Interview ba ’to?”

“Hindi naman. Curious lang ako.”

Pinindot na Max ang call button. “Ten years, bago pa magbukas ’tong hotel.”

“Bakit kaya ganitong klaseng business ang naisip niyang itayo?”

Umangat ang isang sulok ng mga labi nito. “Si sir na lang ang tanungin mo tungkol d’yan.”

So loyal ang assitant nito kay Quin. Ayaw nitong magbigay ng impormasyon kahit pa ispekulasyon lang. Pero magtataka pa ba siya? Assistant ito ng CEO ng isa sa mga pinakamasikretong grupo sa bansa. Hindi ito basta-basta na lang magkukwento. Malamang ganito rin lahat ng mga empleyado sa hotel.

Umakyat silang dalawa sa sixth floor. Nang bumukas ang mga pinto ng elevator, nagtaka si Jax dahil lumabas silang dalawa sa isang palapag ng hotel imbes na sa mga opisina. Sinundan niya si Max sa isang pinto at iyon ang binuksan ng lalaki. It was a small suite that opened into a living room that has a sofa set and a TV rack. Malapit sa bintana, may

isang work desk na may computer, printer at phone. Pumasok silang dalawa ni Max at napalingon siya sa bukas na pintuan papunta naman sa silid kung saan may queen-size na kama. May isa pang pintuan doon na sa palagay ni Jax ay papasok naman sa banyo.

“Dito na muna ang opisina mo,” sabi ng assistant sa kanya na kasalukuyang pinupuntirya ang remote control ng aircon para i-on iyon. “Gusto kasi ni sir na may privacy ka. Puwede ring dito ka na mag-interview. Itago mo ’to.”

Inabot nito sa kanya ang keycard. “Susi ’yan nitong kuwarto. Nasaan na ’yung card na ibinigay sa ’yo para makapasok dito? ’Yung black na may nakasulat na *Obsidian*.”

Dinukot niya ang card mula sa bulsa.

“Lagi mong dalhin ’yan. ’Yan ang ID ’tsaka wallet mo rito. Hahanapin ’yan sa ’yo tuwing mag-o-order ka ng pagkain o inumin sa restaurant or bar.”

“Debit card ba ’to?”

Natawa si Max. “Hindi. Sabihin na lang nating listahan ’yan ng mga gastos mo rito. Pero huwag kang mag-alala, complimentary ’tong kuwarto ’tsaka lahat ng pagkain at inumin mo dito sa hotel. Hindi mo kailangang magbayad basta dalhin mo lang ’yang card na ’yan.”

Nilingon nito ang mesa at itinuro ang telepono.

“Lahat ng numbers, nakalista sa directory except for Quin’s office. Kung kailangan mo siyang makausap, dial mo lang 0 para sa operator. Alam na niyang i-connect ka sa ’kin. Dial 9 if you want to make an outside call.”

Inilibot ni Max ang mga mata sa hotel room bago iyon ibinalik sa kanya. “Okay ka na ba rito? Komportable ka?”

“More than,” pag-amin niya. “I was expecting a small table in a corner of the IT department, o kaya sa Security. Hindi ko naman naisip na bibigyan n’yo ako ng sarili kong kuwarto.”

“Makukulit ang mga nasa Security. Hindi ka patatahimikan ng mga ’yun sa mga tanong nila. Buti na ’yung dito ka para tahimik at hindi ka maiistorbo. And this room is yours for as long as you need it. Kung gusto mong dito muna tumira, okay lang din.”

Hindi niya naisip na makitira sa hotel, pero nang banggitin iyon ni Max, saka na-appreciate ni Jacinda ang convenience niyon. “Pero sigurado kang okay lang ah? Hindi ba nakakahiya?”

“Mas praktikal ’yun kasi hindi ka puwedeng mag-uwi ng mga files mula rito sa hotel hangga’t hindi nalulutas ang kaso.”

“Sabagay. Teka, sandali. Puwede rin ba akong maglibot-libot dito sa hotel?”

Tumango nang isang beses si Max. “Of course. The fact that you have that card means the whole hotel is open to you.” Pagkatapos ay pinagmasdan siya nito. “Nakapasok ka na ba sa bar nang gabi?”

Mabagal na umiling si Jacinda.

“Kung pupunta ka nang mag-isa, dumaan ka muna sa receptionist bago ka pumasok. Tell her it’s your first time. She’ll know what to do.”

She had no idea what that meant.

Nagpaalam na si Max at muli siyang nagpasalamat rito saka niya ito inihatid sa pintuan. Nang maisara ang pinto, binalingan niyang muli ang silid. Komportable iyon, malinis, and it really was more than she expected. Hinayaan niya ang sariling ma-impress. Then she moved to look for bugs and hidden cameras. Sabihin nang paranoid siya pero better safe than sorry.

It took her twenty minutes to finish her sweep until she was satisfied that the suite was clean.

Saka siya lumapit sa computer para magtrabaho.

Nagulat siya sa pag-ring ng telepono mayamaya.

“Hello?”

“Good morning, ma’am. Sa kitchen po ito,” sabi ng kausap niya. “Baka po gusto n’yo nang mag-order ng lunch?”

Hindi pa naintindihan agad ni Jax kung ano ang

sinasabi ng nasa kabilang linya. “Ah, anong oras na ba?”

“Past twelve na po kasi, ma’am,” sabi ng babaeng kausap. “Ibinilin po kasi sa ’min ni Sir Quin na tawagan na po kayo kapag hindi pa kayo nag-o-order ng pagkain pag lunch time na.”

“Oh.” *Well, wow.* “Okay. Ano ba’ng puwedeng i-order?”

“May menu po d’yan sa mesa, ma’am, kung gusto po ninyong tingnan. Kahit alin naman po d’yan kaya pong ihanda nang mabilisan.”

Nag-order siya ng chicken cordon bleu, yang chow fried rice at soup na iaakyat daw ng server in thirty minutes. Nagpasalamat siya at ibinaba ang telepono. Talagang ibinilin siya ni Quin sa staff nito.

Kumunot ang noo niya.

No, hindi siya magpapadala sa pagiging thoughtful nito. Hindi na siya magpapadala sa kahit ano pa tungkol sa lalaki. Kahit ano pa ang gawin nito, hindi na niya kayang magtiwala pa rito ulit. At least, ng kahit na anong may kinalaman sa sarili niya. She wasn’t stupid and she wasn’t a masochist. And she had paid dearly once for trusting him. She’d learned her lesson.



*“Quin! Quin, stop! Huwag! Quin, tama na! Tama*



na!”

Nagmulat ng mga mata si Quin na umaalingawngaw pa rin sa tainga ang tunog ng mga sigaw ni Jacinda.

Iyon ang dahilan kung bakit sampung taon na siyang hindi nakakatulog nang mahimbing. Dahil sa pagtulog niya, wala siyang laban sa konsyensya niya. Paulit-ulit niyang naririnig si Jacinda. Paulit-ulit niyang nararamdaman kung paano siya nito itulak, kung paano ito nanlaban at kung paano niya hindi mapigilan ang sarili niyang katawan.

Pero kung ang impiyernong dala ng maya't mayang pag-ulit ng eksenang iyon sa isip niya ang kaparusahan para sa ginawa niya, hindi siya manlalaban. He deserved it for what he did that night. He deserved so much more.

Naupo na siya at sinulyapan ang relo sa tabi ng mesa niya. Pasado ala una pa lang ng hapon. He slept for a little over three hours. Normal na iyon sa kanya. Minsan siyang sumubok gumamit ng sleeping pills pero mas lumala lang ang mga panaginip. At dahil lango sa gamot, mas nahirapan siyang gisingin ang sarili mula sa mga bangungot. And the heavy, drowsy feeling just reminded him too much of that night.

Itinapon na lang niya ang mga gamot lalo pa't minsan niyang naisip na inumin na lang ang lahat

ng pills para matapos na. Mula noon, hindi na siya umulit uminom ng gamot para makatulog.

Hubo't hubad, bumangon na si Quin at nagtungo sa banyo para mag-shower. Paglabas, nagsuot siya ng maong, itim na polo at sneakers, saka siya lumabas ng suite niya para bumaba sa opisina niya.

Pero ngayong gising na gising na ang diwa niya, si Jacinda pa rin ang nasa isip niya. Dumating na kaya ito? Siguro naman. She had always been early. Siguro nasa opisina na rin ito. Sana nagustuhan nito ang silid na magiging opisina nito. Maybe he should check on her.

Napindot na niya ang buton para sa sixth floor bago pa niya maisip na mas magandang hindi na lang. Baka wala itong kasama sa silid. Ano na lang ang impression na ibibigay niya kapag bigla niya itong katukin habang mag-isa ito.

Huminto ang elevator at bumukas ang mga pinto sa sixth floor pero hindi lumabas si Quin. Hinintay lang niyang sumarang muli ang mga iyon saka nagpatuloy sa pagbaba ang elevator.

Hindi normal ang relasyon nila. Hindi siya puwedeng basta-basta na lang magpakita o lumapit dito. Hindi niya naisip ang gusto at kapakanan nito noon. It might not be worth anything anymore as compensation, pero babawiin niya iyon ngayon dito.

Lahat ng gusto at kailangan nito ay ibibigay niya kahit ano pa man iyon. Because he knew no matter what he did, it would never give her back what he had stolen from her.

Nakunot ang noo ni Max nang makita siya. “Gising ka na naman?”

“Okay na ’yun,” sabi niya tungkol sa tagal ng tulog niya.

“Sabi nila nakakabaliw ’yung laging walang tulog.”

Hindi na siya sumagot. Lagi naman nilang usapan ni Max ito. Kasama raw kasi sa responsibilidad nito ang siguruhing nasa mabuti siyang kalagayan.

“Dumating na si Miss Legarda?”

“Nasa opisina na niya,” sagot ng assistant. “Tumawag na rin ’yung kitchen. Nag-akyat na rin sila ng pagkain sa kanya. Mag-o-order na rin ako ng pagkain para sa’ yo.”

“Hindi pa ako nagugutom.”

Pumalatak si Max at inabot ang telepono nito. “Kung kailan ka ba kasi mag-aasawa nang matapos na ’tong ganito kong trabaho,” bubulong-bulong nito.

Hindi napigilan ni Quin ang mangiti. “Hayaan mo na. Hindi pa naman nagseselos si Jessica sa ’kin, eh,” tukoy niya sa asawa ni Max.

Umismid lang ito.

Pumasok na siya sa opisina at dumerecho sa computer niya.

Kumain siya ng late lunch sa ilalim ng mapagmatyag na mga mata ng assistant niya, saka muling nagtrabaho. Pagabi nang muli nang sabihin ni Max sa kanya na nasa labas na si Angela dela Vega, ang isa sa mga kasama ni Seb sa silid nang gabing nakuhanan ito ng video.

“Tawagan mo si Jacinda. Tingnan mo kung ready na siyang makipag-usap.”

Naghintay siya sandali hanggang sa tumawag muli si Max para sabihing okay na raw ang babae.

Namilipit ang sikmura niya at kumabog ang kanyang dibdib. Huminga siya nang malalim saka tumayo para lumabas ng opisina.

“What is this about, Quin?” tanong ng babae sa kanya. They were actually related by marriage. Kasal si Angela sa nakatatandang pinsan ni Quin na mayor din ng hometown nila.

Siguro dapat ay nakokonsyensya siya na pumayag siyang mag-member ito ng *Obsidian*, pero dahil alam din niyang kinakaliwa rin ito ng asawa, pumayag na siya. Bahala na lang sila kung gusto nilang ayusin ang buhay nila o hindi.

“I’d let the *NBI* agent explain everything but

rest assured that your membership here will remain confidential.”

“Kailangan ko ba ng abogado?”

Sinulyapan niya ito. “You’re not under arrest, Mrs. dela Vega. Pero kung gusto mong may kasama tayong abogado, the legal department will be happy to have one present right now.”

“Hindi mo na ba talaga ako tatawaging Angela ulit kahit kailan?” nakalabi nitong tanong.

Hindi niya ito nilingon. “Alam n’yo kung bakit hindi puwede.”

Bumuga ng hangin ang babae. “Fine,” sabi nito. “And, no, kahit wala nang abogado. Nand’un ka naman, di ba?”

“Yes.”

That was obviously enough for Mrs. dela Vega. Nanatili silang tahimik habang paakyat sa suite ni Jax.

When he was twenty-one at bagong kasal pa lang ang babae at ang pinsan niya, he had called her Ate Angela. That was until she tried to get him into bed. Mula noon ay umiwas na siya rito. At nang mag-member nga ito ng *Obsidian*, Mrs. dela Vega lang ang itinatawag niya rito para ipaalala sa babae na kasal ito at sa pinsan pa niya.

Lumabas sila sa sixth floor at tumayo ang

babaeng miyembro ng security team na nakaupo sa sofa sa tapat ng mga elevators. Pinapunta ito ni Quin doon dahil ayaw niyang walang ibang tao kapag magkasama sila ni Jacinda.

“Good evening po,” bati ng security.

“Good evening, Maita.”

Iginiya sila ng babae sa pintuan ni Jacinda at ito ang kumatok. Saglit lang silang naghintay bago bumukas ang pinto.

There she was, looking hot and sexy as hell, with a reassuring, welcoming smile for them.

“Come in,” aya nito saka tumabi para padaanin sila. Hindi siya nito tiningnan.

“Dito lang ako sa labas, sir,” sabi ni Maita bago isinara ang pinto sa likuran niya.

“I’m Jacinda Legarda,” sabi nito kay Mrs. dela Vega kasabay ng paglalahad nito ng kamay sa babae.

“Angela,” sagot nito habang pinagmamasdan si Jacinda. “Wait. You seem familiar. Have we met before?”

“No, ma’am. Pero anak po ako ni Congressman Legarda so you may have seen me in a political event.”

“Ah, baka nga! Well, it’s a pleasure to meet you, Jacinda.”

“You, too, ma’am. Have a seat po.”

Naupo ang babae sa sofa at inilagay ang dala nitong handbag sa tabi nito. Sinulyapan nito si Quin na tumango rito bago siya pumuwesto sa mesa ni Jacinda. Isinandal niya ang mga balakang doon saka humalukipkip.

Nagsimulang interview-hin ni Jax si Mrs. dela Vega. Pinilit ni Quin na hindi ma-distract ni Jacinda kahit pa muli siyang na-impress sa kung paano nito i-handle ang pagtatanong. She was sympathetic that you wanted to tell her things, but was also intimidating enough that you'd only want to tell her the truth.

Inobserbahan din ni Quin ang cousin-in-law. She had looked confused first then shocked, embarrassed and worried.

"I... I didn't know," sabi nito habang nakatingin sa screenshot ng mensaheng natanggap ni Seb. "Hindi ko talaga alam." Nilingon nito si Quin. "Ano'ng ibig sabihin nito, Quin?"

"Someone placed a camera in the room you used that night before you came in," sagot niya kahit pa obvious naman na kung ano ang nangyari.

"Is it one of your staff?" kunot-noong tanong ni Mrs. dela Vega. "Sino ang gagawa n'un?"

"That's what we're trying to find out," ani Jacinda para muling kunin ang atensyon nito. "May

kumontak ba sa inyo tungkol dito na sumusubok mam-blackmail sa 'yo?"

Umiling ang kaharap. "Wala. Ngayon ko lang nalaman ang tungkol dito. May pinaghihinalaan ba kayo?"

"Sa ngayon, hindi pa natin talaga masasabi kung sino ang gumawa," indirect na sagot ni Jacinda. "Can you tell us what happened that night?" Napatingin si Quin sa babae pero mabilis nitong nilinaw ang tanong nang mapagtanto kung ano ang itinanong nito. "I meant what happened before that," sabi nito na namumula ang mga pisngi. "May napansin ba kayong masyadong interesado sa inyo? May nakasalubong ba kayo sa floor na galing sa kuwarto?"

Muling umiling si Mrs. dela Vega. "Kapag nasa ganyang sitwasyon ka na..." Maging ito ay namula bago ito tumikhim. "Well, distracted ka na niyan, eh. Mahirap nang may mapansing iba. And we feel secure here in *Obsidian*. We're comfortable. We're with people we know who don't, and won't, judge us. Sanay kaming walang pakialam at walang makikialam sa mga nangyayari sa paligid namin. And the staff are all so discreet. Bihira kang may makikitang staff sa floor mo."

"Kanino 'yung kuwartong pinuntahan n'yo?"

"Kay Parker. It's his regular room."



May ilan pang itinanong si Jacinda na sa palagay naman ni Quin ay sinagot ni Mrs. dela Vega nang tapat. Nang matapos ang interview, nagpasalamat si Jacinda kay Mrs. dela Vega at muli itong ni-reassure ni Quin tungkol sa privacy nito. Nang makalabas ang lalaki, binalingan niya si Jacinda at pilit na inignora ang pamimilipit ng sikmura niya nang muli itong tingnan.

Kinuha lang nitong muli ang printouts ng mga screenshot mula sa telepono ni Seb. At dahil hindi siya nito tinitingnan, napagmasdan niya ang mukha nito. It was as painful to him as looking directly into the sun. Nag-iwas na siya ng tingin.

“Mga 8 daw darating si Parker,” sabi na lang niya. “Mag-order ka na ng hapunan para makakain ka na. Tatawag na lang si Max ulit kapag handa na kaming umakyat.”

Tumango si Jacinda at tumalikod na siya para lumabas ng silid.

## 6



Iba ang tanggap ni Parker Tan sa pagtatanong ni Jacinda. Kung naging cooperative si Seb, Parker was defensive and hostile.

“What is this?” sigaw nito na ibinabagsak ang printout ng screenshots ng texts. “What the fuck is this? Akala ko ba safe dito sa hotel mo?”

Halos pisikal na nadama ni Jacinda ang paglamig sa mga mata ni Quin.

“Kaya ka nga may kausap na *NBI* agent, para masiguro na ligtas sa hotel na ’to.”

“Do you have any idea what it will do to my reputation if this shit comes out?”

“Which is why I suggest that you cooperate with Miss Legarda,” ani Quin na mababa ang tinig.

“Fuck this.” Padabog na sumandal ang lalaki sa sandalan ng sofa.

Saglit na nanatiling tahimik si Jax, pinanonood lang ito para bigyan ito ng pagkakataong i-compose ang sarili.

Gaya ni Seb, bata pa rin ito. Nasa twenty-three

o twenty-four lang, at anak ng isang mayamang businessman. As far as Jax knew, he was currently engaged to the heiress of another Chinese-Filipino family so, yeah, alam niya kung ano ang mangyayari sa reputasyon nito if, as he put it, “this shit comes out.”

He glared sulkily at her. “Ano pa’ng hinihintay mo d’yan? Magtanong ka na.”

Gaya ni Quin, hindi mabilis ma-intimidate o mataranta si Jacinda, especially not by spoiled, little rich boys like this dickhead here.

“Sa ’yo raw ’yung kuwartong ginamit ninyong tatlo n’ung gabing ’yun?”

“What’s your fucking point?”

Nagkibit-balikat siya. Mabagal niyang inabot ang mga piraso ng papel na ikinalat nito sa ibabaw ng mesa saka iyon mabagal na isinalansan, para lang makapang-asar.

“Ikaw lang ang may access sa kuwartong ’yun. Paano namin masisiguro na hindi ikaw ang naglagay ng camera?”

“To hell with that!” sigaw nito. “Sa palagay mo kukuha ako ng video na maglalagay sa ’kin sa alanganin?”

“Why not? Hindi mo pa ba inilalagay sa alanganin ang sarili mo when you’re having threesomes with a woman who’s married to a mayor while you’re

engaged to someone else?” She shouldn’t have said that but she couldn’t help herself.

“What I do here is none of your fucking business,” he snarled.

“It became my business when Seb asked for my help,” kalmado niyang sagot. “You have the right to refuse questioning, Mr. Tan, kung ayaw mo talagang makipag-usap sa ’kin. I just thought that you’d want the chance to tell your side of the story.”

“I didn’t do this!”

“No one’s saying you did,” sabi ni Jax. Tiningnan niya ito na inosente at medyo namimilog ang mga mata, kunwari ay nagulat pa na iniisip iyon ng lalaki.

“I’m not going to answer your fucking questions without a lawyer,” sabi nito na biglang tumayo mula sa sofa. Hinarap nito si Quin. “Tatawagan ka na lang ng abogado ko. And you’d better have a goddamned good explanation for this when he does.”

Quin only looked at the little shit with cold sharp eyes. And when he spoke his voice was low and dangerous. “When he does, you’d better be ready to answer questions because I assure you, what you can threaten to do to me is *nothing* compared to what I can *actually* do to you.”

Nangingas ang mga mata ni Parker pero hindi na ito sumagot. Lumabas na ito ng opisina at ibinagsak pasara ang pinto.

Nagtama ang mga mata nila ni Quin bago sila sabay na nag-iwas ng tingin.

“Huwag kang mag-alala. Sasabihin ko sa abogado ng hotel na tawagan ang abogado niya. If he knows what’s good for him, he’ll be back here, ready to tell you everything he knows.”

“Ano ba’ng pinanghahawakan mo sa kanila at lahat sila ay takot sa ’yo?”

Nagkibit-balikat lang ang lalaki at inilibot ang mga mata sa paligid na para bang noon lang nito nakita ang silid.

“Are you okay here? Komportable ka ba?”

No, she wasn’t, not here with him. Pero at least komportable siya sa silid. “Oo, salamat.”

“May kailangan ka pa?” tanong nito habang nakatingin sa bintana. Binuksan niya ang blinds kanina kaya tanaw ang mga ilaw ng mga gusali sa labas.

“Kailangan kong makausap ’yung cleaning staff bukas,” sabi niya. “In-email ko na ’yung mga pangalan nila sa ’yo.”

“All right. I’ll let their supervisor know.” Noon siya muling binalingan ni Quin. She hated that even the briefest of looks made her feel... weird. Tumuwid na ito. “Uuwi ka ba ngayon?”

“Oo. Pero maaga na lang ako bukas kasi nga hindi ko naman puwedeng iuwi ang mga files n’yo.”

“Puwede ka namang matulog dito. Magdala ka na ng damit pagbalik mo bukas.” He stopped talking for a while and she saw that flash of twisted pain in his face again before he masked it. “Huwag kang mag-alala, I promise, I *swear* to you, ligtas ka rito. I’m not...” Tumikhim ang binata na parang nahihirapang magsalita. “I’m not going to go near you. At kapag narito ako, lagi kang may security sa labas. You don’t have anything to be afraid of.”

Umiling siya. “I don’t need security, Quin. I can take care of myself, but thank you,” she told him dismissively, a little coldly. “Salamat dito sa kuwarto. I appreciate it and I hope you don’t mind if I spend the night tomorrow. Thank you rin sa meals. You didn’t have to but I appreciate it.”

Well, look at her, trading pleasantries with him. Hindi niya alam kung maturity iyon. Maybe, because at least she hadn’t pulled her gun out on him yet.

“You’re helping me with this mess. It’s the least I could do. If you’re ready, ihahatid na kita sa ibaba.”

Nagligpit si Jax at nag-shut down ng computer pagkatapos ay sumunod siya kay Quin palabas ng silid. Naroon pa rin si Maita na sinamahan sila pababa. Tahimik silang tatlo sa loob ng elevator. Magkalayo sila ni Quin, tila hindi magkakilala. It was okay with her. She’d really rather not stand close to him. Kapag nalalapit kasi siya rito bumabalik ang

mga alaala noong ito pa ang sentro ng buhay niya.

Nagagalit lang din siya sa sarili niya kung bakit iyon ang naisip niya at hindi ang kagaguhan nito. What he did was not something you simply push to the side just because he was still gorgeous as fuck. Or because he looked like what had happened was affecting him more than it was her.

“Hanggang anong oras ang shift mo, Maita?” tanong ni Jacinda sa security detail niya. Sa babae siya nakatingin pero napuna niyang na-tensyon ang mga balikat ni Quin nang magsalita siya.

“Twelve hours ang shift ko, ma’am, so hanggang ten pa po dapat.”

“Sa ’kin ka lang ba naka-assign?” curious niyang tanong.

“Ngayon, ma’am, opo.”

Gusto niyang ulitin na hindi niya kailangan ng security pero hindi na lang siya nagsalita. Baka kasi mainsulto si Maita. Ginagawa lang naman ng babae ang trabaho nito na hindi rin ito ang pumili.

Sinulyapan niya ang wristwatch. “Well, medyo maaga pa. Do you think you can accompany me to the club? Hindi pa kasi ako nakakapasok d’un and I’m curious.”

Nagbuka ng bibig si Maita pero inunahan itong sumagot ni Quin.

“Ako na,” sabi nito na hindi sila nililingon.

“I’d really rather have Maita accompany me.”

Noon na siya binalingan ni Quin pagkatapos ay tiningnan nito si Maita na nakuha sa tingin.

“Mas maganda po kung kay sir na kayo magpasama. Para iba po’yung experience,” sabi nito.

Sabay silang napangiwi ni Quin pero sabay ring pinagtakpan ang ekspresyon. Tumango na lang siya. Sabagay, baka may certain advantages kung ang may-ari ng club ang kasama niya. Kung makakatulong iyon sa kaso, she was all for it.

The elevator doors opened at siya ang naunang lumabas. Pero pinauna niya si Quin papunta sa pinto papasok sa bar na binabantayan ng isang maskuladong bouncer na nag-good evening sa kanila bago sila pinagbuksan ng pinto.

She was assaulted by the loud thumping beat of the music and the flashing lights. Next came the scorching heat of lust. She could actually taste it in the air.

The first thing she saw was a woman she recognized as an international model stripping on top of a table for a guy who was obviously touching himself beneath that same table. Nang sa wakas ay maalis niya ang mga mata roon, lumipat naman ang paningin niya sa isang magkaparehang nasa kabilang booth na naghahalikan. The woman’s blouse was already open to the waist and one of her breasts was



exposed. The other was already in the man's hand.

The picture changed every time the lights flashed but they were all the same in the sense that it looked like a long stream of erotic images. Hindi niya alam kung gaano katagal siyang nakatayo sa pintuan, nakanganga lang, namimilog ang mga mata.

“Do you want to go in?” tanong ni Quin sa kanya na malakas ang boses para marinig niya sa ibabaw ng musika.

Marahas siyang lumunok saka tumango. Humakbang siya at tuluyang pumasok sa *Club Obsidian*.

It felt like a house of sin, scandalous and darkly sexual, that she was both repelled and intrigued at the same time. Iyong tipong hindi makapaniwala ang Catholic school-educated good girl Jacinda niya, pero gustong mag-celebrate at mag-indulge ng bad girl Jax niyang hindi alam kung alin sa mga forbidden activities ang unang susubukan.

Kaya naman pala galit na galit ang ama ni Quin dito. To the good old conservative senator, this probably looked like a modern day Sodom and Gomorrah and should be destroyed by fire and brimstone with everyone still in it including his son.

Hindi niya alam kung saan unang titingin. She kind of wished she had more than two eyes. Pabaling-baling na ang ulo niya bago pa niya maisip

na mukha siyang tanga at na obvious na first time niya roon. But how could she *not* look?

Dahil halos nakatanga siya habang naglalakad, nabangga siya ng isang magkapareha na nagtatawanan at naghahalikan.

“I’m sorry,” nahihiya niyang sabi sa magkapareha at nag-eye contact sila ng lalaki. He gave her a drunken look before he grinned and wrapped his arm around the woman beside him.

“Hey,” sabi nito pero biglang lumipat kay Quin ang mga mata nito. “Quin!”

Tumango lang si Quin saka hinawakan ang siko niya. Her whole body froze immediately and tensed for battle, pero mabilis siya nitong binitawan nang magpaalam ang magkapareha sa harapan nila. Nagsimula siyang maglakad muli kasabay ni Quin pero hindi siya nag-relax. Pinauna na siya ng lalaki ngayon at napansin niyang protective ito sa kanya. He steered her through the crowd and made sure that she didn’t get hit by the gyrating bodies as they danced at the edge of the dance floor.

And he did all that without touching her again.

At nang marating nila ang bar, pinaupo siya nito sa isang stool.

“Do you want anything to drink?” tanong nito habang nakatayo sa tabi niya. He was so close that she could smell his skin even through the thick bar

scent of cigarette smoke and alcohol. She also felt his warm breath against her cheek and she couldn't help the shiver that climbed up her spine.

Yeah, she wanted something to drink, something strong and alcoholic. Pero hindi puwede dahil magmamaneho siya.

“No. I'm okay. I'm driving.”

Tiningnan lang ni Quin ang bartender at tumango ang lalaki bago sila iniwan. Naupo si Quin sa stool nang bakantehin ito ng nakaupo roon kanina. His arm brushed against hers but after that he was careful not to move too close.

Pinili ni Jax na alisin ang focus sa nangyayari sa pagitan nila ng lalaki at ilipat iyon sa bar.

“It's like being in the middle of an orgy in here,” bulong niya sa sarili pero nag-angat siya ng tingin nang inilapit ni Quin ang ulo sa kanya. Nakatingin pala ito sa kanya at nakita ang paggalaw ng kanyang mga labi. “Sabi ko it's like being in the middle of an orgy in here.”

“Ordinaryong gabi pa lang ito,” sagot nito sa tainga niya. “Some people organize more private events. That's when the actual orgies happen.”

Nanumbalik ang curiosity niya. “Do you join them?” hindi niya napigilang itanong.

Even in the dim lights, she saw the flash of amusement in his eyes that he wasn't able to control

in time.

“No! Not my thing,” malakas nitong saad sa tainga niya.

Nagbaba ng dalawang baso sa harapan nila ang bartender.

“Fruit juice,” sabi muli ni Quin. “Non-alcoholic so safe inumin kahit magmamaneho ka.”

Inabot niya ang baso at tinikman ang inumin. It was cold, sweet, tart and delicious. Kung ano man iyon, siguradong mango juice ang base niyon na hinaluan ng kung anong magic ng bartender. Sinulyapan niya ang inumin ni Quin at nakitang ganoon din ang iniinom nito. Pero hindi nagsabi ng order ang lalaki kanina kaya ibig sabihin ay alam na ng bartender kung ano ang inuming ititimpla nito para sa lalaki.

That was weird. In a place like this, hindi ba dapat si Quin ang promotor ng lahat? Hindi ba ito dapat ang nangunguna?

Ten years ago, she would swear he wasn't the type to actually go to a place like this. Then he did what he did so, yeah. Bagay nga ito sa ganitong lugar, a den of depravity. Pero ngayon, parang hindi na naman bagay rito ang iniisip niya. The CEO of a notorious sex club doesn't seem to be interested in joining his clients in their activities, and orders fruit juice from the bar instead of, say, *Jack Daniels*.

Hindi sila nagkibuan. Ano naman ang sasabihin nila sa isa't isa? At kung mayroon man silang pag-uusapan, mahirap magkuwentuhan nang hindi lumalapit sa isa't isa dahil sa lakas ng music. She had no plans of moving closer to Quin to talk to him.

She was already too aware of him as it was, his presence stroking over her senses like a physical touch.

She really wished she was drinking alcohol now. After what he had done, here she was again, letting herself be drawn to him. Hindi na baleng kuryosidad lang iyon sa kung ano na ang pinaggagagawa nito sa buhay. Hindi ito ex-boyfriend. They didn't have an amicable breakup. He violated her.

At kung wala man doon si Jax para maghigati, wala rin siya roon para balikan ang nakaraan, lalo na ang nakaraan bago ang gabing iyon.

"I have to go," sabi niya rito nang muli siya nitong sulyapan. "Thank you sa drink."

Tumango ito at tumayo.

"No. Hindi na kailangan. I'll see you tomorrow."

Parang gusto pang magpumilit ni Quin pero sa huli tumango na lang ito. He did walk her to the door pero hinayaan na siya nito nang makarating sila ng lobby. Tumango niya rito saka ito tuluyang iniwan.

Nang makasakay si Jax sa kotse niya at napalibutan ng katahimikan, saka nag-play sa isip

niya ang mga nakita sa bar. She blew out a breath.

She wasn't a prude. And while she hadn't had sex in a long time, she hadn't actually been asexual the last ten years. She read erotic novels. She wasn't against watching porn when the mood strikes. And while she would never admit it, she had a few, uhm, toys.

But seeing *Obsidian* and what happens inside, na-realize niyang nene pa pala siya pagdating sa mga bagay na may kinalaman sa sex. At kahit naeskandalo siya sa loob, hindi niya maikailang naintriga talaga siya. So much so that she actually imagined herself going there to experience it first hand.

*With Quin?*

*Fuck off*, galit niyang saad sa sarili niya.

And that's what makes everything so wrong.

# 7



The sound of her own moans woke her up. Jacinda blinked at the ceiling as the waves of her orgasm rolled through her system. Nangangatal ang katawan niya at basa sa pawis ang balat niya sa kabila ng lamig ng silid. Napansin din niyang nakakuyom sa kobrekama ang mga kamay niya at kinailangan niyang utusan isa-isa ang mga daliri niya para mag-relax ang mga iyon at bumitiw sa comforter. She squeezed her shaking thighs together and felt the stickiness of her arousal on her skin. Pumikit siyang muli. It took several more deep breaths before her heart rate went back to normal.

Napanaginipan niya si Quin.

Noong nakilala niya ito, kasagsagan naman kasi ng hormonal changes sa katawan niya kaya gabi-gabi ay pinapantasya niya ang lalaki. That had stopped after what happened between them, of course. Parang nawalan siya ng interes sa lahat ng bagay na sexual in nature matapos niyon.

Bumalik din naman ang sex drive niya,

eventually, dahil normal naman siyang tao na may normal sexual urges, but she never acted on those. At least not with another person. Hindi na niya ulit kayang magtiwala nang gan'un.

So she bought a couple of toys and a lot of batteries, and that had sustained her. Until now.

Inabot niya ang phone niya para tingnan ang oras—4:27 AM—pagkatapos ay bumangon na siya. Gagayak na siya para pumunta sa hotel. Tatal naron naman lahat ng trabaho niya.

Kasalanan talaga ito ng mga nakita niya sa *Obsidian* noong nakaraang gabi eh. It was like watching a porn movie. Hindi pa nakatulong na si Quin ang kasama niya. Nagising tuloy ang katawang-lupa niya at maging ang inner manyak niyang sampung taon nang walang malay.

Kasi naman! Sa labas, sa publiko, hindi mo gagawin ang isang sexual na bagay dahil malaswa iyon, kabastusan, nakakahiya at bawal ayon sa batas. Pero kung nasa isang lugar ka ba na kayang siguruhin na tanggap ng ibang tao ang gagawin mo, na hindi ka huhulihin kung bigla kang maghubad doon, at na hindi ka huhusgahan ng makakakita sa 'yo, ano ang kaya mong gawin? How far would you go?

Probably still not very far, natatawang isip ni



Jax. Hindi niya kayang maghubad in public, iyon ang sigurado niya. But seeing those who can, well, it fascinated her.

She bit her lower lip, then she started pulling out clothes from her closet. Sabi ni Quin puwede siyang matulog sa hotel. What was the harm in staying there over the weekend? Isang weekend lang. Hindi siya sasali sa mga activities ng mga naroon. Oobserbahan lang niya ang mga ito dahil iyon lang naman ang kaya niyang gawin. Pagkatapos ng imbestigasyon alam niyang hindi na siya makakapasok pang muli sa club, so she might as well experience it kahit pa observer lang siya.

It was going to be fun.



Hindi nag-order si Jax ng almusal nang dumating siya pero thirty minutes later ay may kumatok sa pinto niya na server na may dalang almusal para sa kanya. Itinawag daw kasi sa kitchen ng receptionist na dumating na siya at may standing order daw galing kay Sir Quin na dalhan siya ng almusal kahit anong oras siya dumating. Inutusan din daw ito na tawagan siya para hingin ang order niya para sa tanghalian at hapunan.

Nagpasalamat siya sa lalaki saka pinagmasdan ang waffles with butter and maple syrup, crispy

bacon at fluffy scrambled eggs sa pinggan, gayundin ang fruit cup na walang papaya dahil hindi siya kumakain niyon. Naaalala pa rin ni Quin ang gusto niya. And she had to admit, mas alaga pa siya rito sa *Obsidian* kaysa sa bahay ng mga magulang niya sa Pampanga kung saan spoiled princess siya noong doon pa siya nakatira.

She had to thank Quin for that. Then she had to shut her brain down when thinking about Quin's name brought back memories of her erotic dream.

A few hours later, kumatok na si Maita para sabihing naroon na ang una sa i-interview-hin niya sa cleaning staff.

Mabait ang mga empleyado ni Quin, magalang, halatang masaya sa trabaho at loyal kay Quin at sa *Obsidian*.

Si Ate Lorna, ang huli niyang in-interview, ang pinaka-senior sa apat na cleaning staff. Nasa early fifties na ito, mukhang masayahing Mrs. Santa Claus dahil puti ang buhok na nakapusod at mamula-mula ang mga pisngi. Simula pa raw ng hotel ay nagtatrabaho na ito roon at team leader na, kumbaga, ng staff.

“Hindi ko naman na kailangang maglinis,” sabi ng babae sa kanya. “Ayaw na nga po akong pag-duty-hin ni Sir Quin, kaya lang ayoko naman

kasing nakaupo lang sa opisina, nag-che-check lang ng listahan kung nalinis na ang kuwarto o hindi pa. Gusto ko rin 'yung kahit isa o dalawang kuwarto, eh, katulong ako sa pag-aayos. 'Tsaka gusto ko rin namang nache-check ko lahat sa floors ko."

"Kasama po kayo na nag-ayos ng kuwarto ni Mr. Tan nang araw na 'yun?"

"Opo, ma'am. N'ung araw po na 'yun, 'yung basic lang po ang ginawa namin ni Tonya. Nagpalit lang kami ng bedding, nagtapon ng basura, 'tsaka naglilinis po sa banyo."

"So n'ung naglinis kayo wala po kayong nakitang naiwang gadget sa kuwarto? Camera po o phone, tablet o computer po?"

Kumunot ang noo ng babae habang nag-iisip. "Wala naman po. Si Mr. Tan po kasi, hindi po nag-iwan ng gamit 'yan sa mga ibabaw. Kung phone po o camera, malamang inilagay po niya sa drawer iyon o sa cabinet. May locks po kasi ang mga 'yun."

"Nag-che-check po ba kayo ng closets o mga drawers habang naglilinis?"

"N'ung nilinis po namin 'yung kuwarto n'un, hindi po. Naka-check in pa po kasi si Mr. Tan n'un. Nagbubukas lang po kami ng closet at drawers kapag naka-check out na po ang guest para tingnan kung may naiwan po sila. Seguridad po kasi ng guest at ng

staff na rin po para walang masabi na may nakialam ng gamit o may nawala. 'Tsaka strict po si Sir Quin talaga sa privacy.'

Hearing that made her stomach cramp. Well, mukha nga dahil hindi naman ito makakapag-establish ng isang secret sex club kung hindi ito strict sa privacy, di ba?

Tinanong na lang niya ang babae tungkol kina Angela dela Vega, Seb Gonzales at Parker Tan.

"Hindi ko pa po nakakausap si Ma'am Angela kahit kailan. Si Mr. Tan lang po kasi madalas d'un po siya sa 17th floor. Lucky number daw po yata niya iyon, sabi niya kaya d'un siya laging nagpapa-book ng suite. Mas friendly po si Sir Seb. Si Mr. Tan po kilala ko siya dahil nababasa ko siya sa diyaryo. Si Sir Seb po nagpakilala po talaga siya sa 'kin minsan. Mabait po 'yun. Niregaluhan po niya 'yung mga regular na cleaning staff ng kuwarto niya n'ung Pasko."

"Eh, si Sir Quin po?" bigla na lang niyang tanong. "Kumusta po siya bilang boss?"

Nagliwanag ang mukha ni Ate Lorna. "Naku, wala na po yatang ibabait si Sir Quin! Alaga po kami lahat hanggang sa pinakamababang empleyado. Wala po kaming reklamo sa kanya."

"Lahat po ba kayo ganyan mag-isip tungkol

kay Sir Quin? Wala po ba kayong naririnig na mga reklamo tungkol sa kanya?”

Nanlaki ang butas ng ilong ni Ate Lorna. “Naku, meron din, ma’am! Ngayon naman po kasi marami ’yung kahit ibinigay mo na ang isa mong braso, gusto pa ’yung kabila. Pero mabilis naman po kasing maayos ni sir ang mga gan’ung problema. Sa ganito po kasing business, kailangan po ng loyalty at na marunong kang magtago ng sekreto. Kaya rin po maingat si Sir Quin kumuha ng mga empleyado. Karamihan po sa ’min, eh, nandito na po mula pa n’ung simula.”

“So wala naman po kayong disgruntled employee? ’Yung hindi masaya sa pagpapatakbo ng club at hotel?”

Muling nag-isip si Lorna. “Wala naman po. At least wala po sa ’min sa cleaners. Mabilis po kasing lapitan si Sir Quin kapag may problema. Personal po niya ’yung aayusin ’tsaka kakausapin po talaga niya kayo. Kaya po bihira po sa ’min ang may seryosong problema pagdating sa trabaho.”

Muli siyang tumango. Iyon din ang sinabi sa kanya ng unang tatlong cleaning staff na in-interview niya, na mabait at generous na boss si Quin, at na kahit intimidating ito, mabilis itong lapitan at madaling kausap.

At alam niyang hindi iyon sinasabi ng mga empleyado nito dahil takot sila pero dahil iyon talaga ang tingin nila kay Quin.

“May idea po ba kayo kung sumasali si Quin sa mga activities ng club?”

Nagbago ang hitsura ni Ate Lorna. Bigla itong naging mapanghinala at defensive. “Ma’am, hindi po kami nakikialam sa personal na buhay ni Sir Quin,” sabi nito na malamig na ang tinig. “Hindi po kami nangchichismis.”

“Naku, pasensya na po kayo,” mabilis niyang bawi. “Hindi naman po ako nangchichismis. Hindi na rin naman po ito part ng imbestigasyon ko. Naisip ko lang po kasi... kasi parang may crush na po ako sa kanya.”

She wasn’t entirely sure that was a lie.

Saglit siya nitong pinagmasdan bago muling lumambot ang expression nito. “Pasensya na rin, ma’am. Marami po kasing nagtatanong na ganyan sa ’min. Minsan mga reporters pa na naghahanap ng balita tungkol kay Sir Quin. Hina-harrass kami sa labas!”

“Nakakaintriga po kasi siya, eh. Parang ang mysterious niya. Nahihya naman po ako kung sa kanya ko kaagad itatanong.”

Siguro, kung ibang tao ang pinag-uusapan nila,

this might sound like she was lying to manipulate the woman to tell her things she wanted to know. Pero dahil hindi rin nagsisinungaling si Jax, lalo na sa sarili niya, alam niyang totoo ang sinasabi niya kay Ate Lorna. She did think Quin, at least this new Quin, was intriguing and mysterious, and she was interested in him. Gusto niyang malaman kung ano ang ipinagbago nito mula sa lalaking dati niyang kilala at kung sino na ito ngayon.

Muli siyang pinagmasdan ni Ate Lorna. Kinagat-kagat nito ang pang-ibabang labi habang nakikipagtalo sa sarili dahil halatang sabay nitong gustong protektahan ang privacy ng boss nito pero gusto rin nitong ibenta ang lalaki kay Jax. Sa huli, nanaig ang kagustuhan nitong ikuwento si Quin.

“Hindi naman po siguro chismis kung totoo naman ang sasabihin ko, saka kung maganda naman po, ano?” simula nito.

Mabilis siyang umiling.

Umayos ng upo si Ate Lorna at bahagya pang lumapit na parang sekreto ang sasabihin nito sa kanya.

“Wala pa pong nakakakita sa ’min na sumali siya sa kahit na anong activity dito sa club. Ang kwento ng mga bouncers, sisilip lang daw ’yun, makikipag-kwentuhan sa mga guests, mangungumusta, pero

hindi po magtatagal. 'Tsaka wala rin po kaming alam na may girlfriend 'yan. Wala po siyang dinadalang babae sa suite niya at kung pumunta po siya sa kuwarta ng guest, lagi po niyang kasama si Max at hindi raw po nagsasara ng pinto, kuwento ng security kung saan mang floor siya pumunta."

"Gan'un po? Bakit po kaya?"

"Siguro po para walang makapang-chismis na may ginawa siyang milagro d'un o ano. Naisip ko naman po na gentleman lang talaga si Sir Quin kaya ayaw niyang may masasabi rin tungkol sa guest na pinuntahan niya kaya ayaw niyang maiwan sila na mag-isa."

Mabagal siyang tumango, nag-iisip.

"Saka bago mo itanong, ma'am. Hindi po siya bakla," mariing sabi ni Ate Lorna. "Wala po akong problema sa mga bakla, ma'am, ah, baka naman isipin n'yong meron, pero 'yung sabihin nilang bakla si sir kahit hindi dahil lang walang girlfriend? Naku, nakakainit po talaga ng ulo."

"May nagsabi na po bang bakla siya?" tanong ni Jax na hindi napigilan ang pagtaas ng kilay.

"Opo. Isang bruhanang guest po dati. Nilalandi raw po kasi si Sir Quin at hindi nakuha ang gusto kaya 'yun, sinabing baka dahil daw si Max ang type ni sir."

"Ano po ang nangyari?"



“Wala pong pumansin sa kanya. Literal po. Parang wala po siya. Kahit ’yung ibang members po ng club kasi nagalit sa kanya. Marami rin po kasing gays at lesbians dito. N’ung ipinagkalat niya ’yun, siyempre po pati sila ay nainsulto. Kaya nga po sila narito sa *Obsidian*, di ba? Para di po sila mahusgahan? ’Tsaka marami pong nagalit din para kay sir. Wala raw pong masama kung ’yun ang gusto niya pero kung hindi naman totoo, bakit daw niya gagawan ng kuwento? ’Ayun, umalis na lang po ’yung babaeng ’yun. Hindi na bumalik,” kwento ni Ate Lorna na mukhang ikinatuwa ang nangyari. “Sa lagay na ’yun po nalaman lang ni Sir Quin na nagkakatat ’yung babaeng ’yun ng chismis tungkol sa kanya n’ung hindi na ’yun bumalik.”

Muling napaisip si Jacinda. So hindi lang mga empleyado nito ang loyal kay Quin pero maging ang mga miyembro ng club.

“So straight po talaga siya?”

“Ay, opo, ma’am. Wala pong bahid si sir. Lalaking-lalaki po iyon. Magalang din po ’yun sa babae saka maginoo. Halata naman po kasi dito po sa *Obsidian*, pinakamahalaga pong rule ay paggalang sa mga babae que guest po ’yan o office employee o cleaner po. Kapag may mambastos sa babae dito, naku po, mag-ingat ka na. Kaya nga po n’un...” Bigla

nitong itinikom ang bibig saka namilog ang mga mata nito sa kanya. “Hindi ko po alam kung alam n’yo ’yung nangyari kay Ma’am Antonella?”

Tumango siya kay Ate Lorna. Nabasa niya iyon actually. Nadiyaryo ang naging pag-kidnap kay Antonella at sa isa nitong kaibigan, pero naging malabo ang ibang detalye dahil ayaw nang ilabas ng mga pamilya ang buong kuwento. Ang sinabi lang ay nasa isang hotel si Antonella nang kidnapin ito ng isa pa nitong kaibigan at dinala sa isang yate. May kakabit pa iyong kaso, ang rape at pambubugbog kay Honey Lee Arevalo.

“Ganoon na lang po siguro ang galit ni sir. Dito po kasi na-kidnap si Miss Antonella, ’tapos dito rin po nakilala ni Miss Honey ’yung nambugbog sa kanya. Pero huwag po kayong mag-alala, ma’am. Safe naman po dito talaga. Kahit sa simbahan naman po, eh, may Hudus. Ang ayaw ko lang po rito, eh, ’yung mga may asawa na, eh, nandito pa! Mga Hudus din ang mga ’yun, eh!”

Natawa nang muli si Jax. Bihira niyang hayaan ang mga ini-interview niya na i-control ang usapan pero ito kasing si Ate Lorna, nakakaaliw magkuwento.

“Eh, kaya ko rin po tinatanong si Sir Quin.” Binabaan niya ang tinig sa susunod na sinabi na para

bang nahihiya siya. Gusto niyang maramdaman ni Ate Lorna na kung ano ang isasagot nito ay sekreto lang nilang dalawa para rin sagutin iyon ng babae kahit pa napaka-personal ng tanong niya. “Uhm, may narinig po ba kayong kuwento kung may ano po, kung may fetish siya? Alam n’yo na, kung may gusto po siyang kakaiba pagdating sa sex? Nangongolekta po ba siya ng underwear o mahilig po ba siyang manood ng porn, gan’un?”

Halatang naeskandalo ang babae. Namula ang mga pisngi nito pero napahalakhak ito. “Naku, wala po kaming alam kung nangongolekta ng underwear si sir! Pero sa porn po, sabi nga po ng security, hindi po siya gan’un kainteresado sa mga nangyayari sa club. Siguro po kung mahilig sa porn si sir, eh, baka gabi-gabi po siyang naroon, nakaupo lang sa isang sulok habang nakaluwa ang mga mata sa panonood!”

Natawa siya nang maisip na ganoon nga ang ginagawa at ang hitsura ni Quin. Sinsero siyang nagpasalamat kay Ate Lorna nang matapos ang interview. Ngumisi ito sa kanya at sinabihan siya ng good luck kung gusto niya raw subukang akitin si Sir Quin. At kung gusto niya ng tulong, sabihin lang daw niya rito at ito na ang bahalang gumawa ng paraan.

“Gusto kasi kita, ma’am! Bagay po kayo ni sir,

eh,” kindat nito.

Paglabas ng babae, nanatili siyang nakaupo sa sofa, nakatingin sa kawalan habang iniisip si Quin.

Iyong Quin na nilalarawan ng mga empleyado nito, iyon ang kilala niya. Noong mga bata sila, alam nito ang lahat ng mga pangalan ng kasambahay at mga trabahador sa hacienda ng mga Tanseco. Mas gusto nga ito ng mga trabahador doon kaysa sa ama nito dahil bukod sa mabait ito, dama ng mga trabahador doon na patas kung tratuhin sila ng binata.

Iyong magalang sa babae? Ganoon din ang pagkakilala niya rito noon. He had asked for permission whenever he wanted to hold her hand. Hindi ito nagbiro ng bastos sa kanya at nananaway ito ng ibang kaibigan kapag nag-jo-joke ang mga ito ng bastos sa harapan niya at ng ibang babae.

He had always been respectful and a gentleman. That was why his betrayal that night had shocked her.

Hindi ito mahilig sa porn, so malamang din hindi ito mahilig mag-record ng videos. He didn't seem like someone who'd do that, so mukhang malabo na ito ang mag-re-record ng sex tapes ng mga members ng club nito, no matter what she thinks.

Naguguluhan siya. Mas naguguluhan pa siya

ngayon dahil sa mga nalalaman niya tungkol sa lalaki.

Ibinaba niya ang tablet niya sa mesa saka tumayo para pumunta sa computer. She already did her magic on this computer so it was safe for her to use. Connected iyon sa Internet ng hotel pero nalagyan na niya ng safeguards na magsasabi sa kanya kung may nakikisilip sa ginagawa niya roon o nagbabago ng mga files niya. She could easily program it to enable it to be completely safe, pero gusto rin naman niyang patunayan na mapagkakatiwalaan siya. They needed to know that she wasn't illegally downloading *Obsidian's* files and saving them or emailing them to herself. Pinagkatiwalaan siya ni Quin pagdating dito.

Isa pa, she signed her life away when signed the NDA. Buti na 'yung walang problema.

However...

Naupo siya sa harapan ng computer at nag-access ng prompt. Ikinagulat niya nang makita na military-grade ang firewalls ng server, parang pang-computer system ng *Pentagon*. Sino ba'ng nag-install nito, security company na nag-e-employ ng *Navy SEALs*? Buti na lang at magaling din siya.

It took her longer than usual to hack into the system pero mayamaya, na-access na niya ang office

computer ni Quin.

Tiningnan niya ang emails nito. Puro business-related lang na hindi na niya inisa-isa. Ang mahahabang email threads ay ang mga thread sa pagitan ni Quin at ni Antonella. It made her smile a little. Noon pa man kasi ay close na ang magkapatid.

Isinara niya ang tab ng emails pagkatapos ay chineck ang browser history ng lalaki. Nope, walang porn site. They were all websites for women's shelters and charities.

Her chest tightened.

Isinara niya iyon at nakialam sa mga files ni Quin. Sa financial records nito niya nakita ang kompirasyon ng hinala niya. Quin had donated more than twenty million pesos to different institutions who help rape survivors and battered women.

Hindi niya alam kung ano ang iisipin sa mga bagong kaalaman.

Muli na lang niyang isinara ang mga files at pinuntahan ang ibang folders. Aside from a few downloaded pictures of Antonella and their mother, wala nang ibang pictures sa computer ni Quin. Videos lang din ni Antonella ang naroon, mga recorded greetings na ipinadala ng kapatid dito habang nagbabakasyon ito na nagkukuwento kung

---

ano ang ginagawa nito at na namimiss na nito ang kuya. Those videos Quin had saved.

Kung ang lalaki ang kumuha ng sex video nina Seb, hindi iyon dito sinave ni Quin. And did she still believe he did it? She had to admit that no, she didn't. Not anymore. At problema iyon dahil hindi niya alam kung ano pa ang mga pinaniwalaan niya tungkol kay Quin ang mali.

## 8



**K**inukusot ni Quin ang mga mata niya. Derechong dalawang araw na yata siyang hindi natutulog. Paano tuwing pipikit siya, maririnig na naman niya ang tinig ni Jacinda na nagmamakaawang bitawan niya ito. Siguro kapag pagod na pagod na siya, hahayaan na siya ng konsyensya niyang makatulog nang mahimbing kahit isa o dalawang oras lang.

May kumatok sa pinto niya at alam na niya kung sino iyon nang bumukas iyon kaagad kahit hindi pa niya sinasabing pumasok ito. Si Antonella lang naman ang walang takot sa kanya. Nakangiti na siya bago pa man marinig ang tinig ng kapatid.

“Hi, Kuya!”

Tumayo si Quin para salubungin ito na mabilis nakalapit para ibalot ang mga braso sa leeg niya. Mahigpit din niya itong niyakap at ibinaon ang mukha sa mabango nitong buhok. He had to grit his teeth to stop from shaking with anger at what had almost happened to her. At kung nangyari nga iyon



dahil iyon ang karma niya, gugunawin muna niya ang mundo bago niya matanggap ang sinapit nito.

“Kumusta ka na?” sabi niya na sapu-sapo ang pisngi nito. “Buti pinayagan kang lumabas ng bahay ni Declan.”

“Nasa ibaba siya, sa clinic.” Ito naman ang humawak sa mga pisngi niya saka siya pinagmasdan na may pag-aalala sa mga mata. “Kuya, hindi ka pa rin ba natutulog nang maayos?”

“Marami lang talaga akong ginagawa.”

Pumalatak ito. “Sabi sa ’yo hindi maganda na dito ka nakatira sa hotel, eh. You need to move out. Buy a condo, or a real house! ’Yung space mo lang talaga.”

Bumuntong-hininga siya at hinalikan ang noo nito. “I’ll think about it.”

“And have you been eating?” tanong nito na sinusundan siya pabalik sa mesa niya. “Sabi ni Max hindi ka na naman daw kumakain kapag hindi ka dinadalhan ng pagkain.”

“At dahil lagi naman niya ako dinadalhan ng pagkain, hindi pa naman ako nagugutom,” sabi niya saka nag-shut down ng computer.

Lumapit si Antonella sa bintana para sumilip sa bar sa ibaba. Noon niya pinagmasdan ang kapatid. She looked well, like she hadn’t gone through a

traumatic experience just last week. She looked healthy and happy.

Hindi na lang niya inisip na dahil magaling mag-alaga ang best friend niyang si Declan. Baka bigla niyang sapakin ang kaibigan dahil g-in-irlfriend nito ang baby sister niya. And maybe that was why he should punch the son of a bitch, ibang alaga ang ginawa nito kay Antonella.

He sighed. His baby sister was an intelligent and mature young woman who can think for herself. At kung si Declan ang gusto nito, si Declan ang makukuha nito. Hindi hahadlang si Quin.

Muling may kumatok sa pinto at pinapasok iyon ni Quin sa pag-aakalang si Declan na iyon. Huminto ang puso niya nang mabungaran si Jacinda.

“Hi,” bati nito sa kanya na may nag-aalangang ngiti pero napuna na nito si Antonella na nakatingin na rin dito.

“Ate Jax?” masayang bulalas ng kapatid niya.

“Antonella!” sabi nito na ganoon din ang tono. Hindi ganoong malapit sa isa’t isa ang dalawa noong bata pa ang mga ito pero magkasundo naman. “Kumusta ka na?”

“I’m all right,” nakangiting sagot ng kapatid niya. “Ikaw? Kumusta ka na? Saan ka na ngayon? Gaano katagal na ba tayong hindi nagkikita? Mga

ten years na, ano?”

“Oo, ten years na,” sagot ni Jacinda. “Sa *NBI* ako nagtatrabaho ngayon. Sa cybercrime unit.”

“Oh?” curious na tanong ni Antonella na sumusulyap sa kanya. “Is there a problem?”

“Don’t worry about it,” he assured her. “Jacinda has it under control.”

Naningkit sa kanya ang kapatid, isang indikasyon na hindi ito papayag na hindi siya magpaliwanag. Bumuntong-hininga siya. “Someone is blackmailing one of the members by threatening to release a sex tape that he didn’t know was filmed.”

“What?” bulalas ni Antonella.

Tumango siya sa kapatid saka sinulyapan si Jacinda na nakatingin lang sa kanya na para bang may hinahanap sa mukha niya. “Did you find anything out?”

Umiling ang babae. “I’ve interviewed your staff and didn’t really find anything suspicious, pero sabi mo kasi gusto mo ng daily update sa kaso. I was going to the restaurant kaya naisip kong umakyat na rito para ako na mismo ang mag-update sa ’yo kaysa i-email ko pa.”

Tumikhim si Antonella. Nang balingan niya ito, nagpipigil ng ngiti ang kapatid. “Why don’t I go down to the clinic to get Declan? Mag-update-an

muna kayo rito.”

“Hindi na,” mabilis niyang sabi. Sana hindi mahalata ang desperasyon sa tono niya. “Kahit i-email mo na lang ako, Jacinda. Hindi mo naman kailangang pumunta pa rito nang personal.”

*God, did she really want to torture him?*

At isa pa itong si Antonella. Pero hindi kasi nito alam ang nangyari sa kanilang dalawa ni Jacinda. Ang alam lang nito ay muntik maging silang dalawa pero hindi natuloy. Siyempre hindi niya masabi kay Antonella ang totoong dahilan kung bakit. Isusumpa siya ng kapatid niya.

“All right. Next time, email ko na lang sa ’yo,” sabi ni Jacinda na walang emosyon ang boses.

Hindi tuloy niya alam kung nainsulto ba niya ito. Hindi naman niya masabing kapakanan lang nito ang iniisip niya. Hindi niya lubos na ma-imagine ang pakiramdam ng isang babaeng kailangang tiisin ang presensya ng taong lumapastangan dito.

“Know what? Mag-di-dinner kami sa labas. Susunduin lang namin si Kuya Quin kasi hindi daw ’to kumakain kapag hindi pinipilit. Do you want to join us?” aya ng kapatid sa babae.

Pinigilan na lang niya ang sariling pangunahan si Jacinda. Siyempre tatanggi ito. Ba’t ito papayag na lumabas kasama siya? Kaya laking gulat niya nang

marinig ang sagot nito.

“I’d love to,” ani Jacinda na may matamis na ngiti para kay Antonella.

“Great!” sabi ng kapatid niya na lumapit na rito. “Baba na tayo. Sa clinic na lang daw tayo hihintayin ni Declan. You remember him, right? Best friend ni Kuya? He’s my boyfriend now.”

“Wait, what? Talaga?”

“Yeah!” Isinukbit na ni Antonella sa braso ni Jacinda ang sarili nitong braso saka iginiya ang babae palabas ng opisina niya.

Quin closed his eyes. This was going to be one of those nights that he wished he had never given up alcohol.



Dahil hindi rin alam ni Declan ang nangyari sa pagitan nilang dalawa ni Jacinda, sinakyan nito ang tila balak ng kapatid niya na ireto sila ni Jax sa isa’t isa. Magkatabi silang naupo sa tapat ng magkapareha habang ini-interview ng mga ito ang babae. Hindi makakilos si Quin. Kailangan niyang mag-concentrate na hindi malaglag sa upuan dahil nasa pinakadulo siya nakaupo para hindi sila masyadong magkadikit ni Jax. Gayunpaman, nagtatama pa rin ang mga siko nila sa tuwing susubo siya ng pagkain. At kahit tipid na tipid ang paghinga niya, napupuno

pa rin ng bango ng babae ang baga niya.

Muli niyang naisip na mas gusto niyang masunog sa impiyerno kaysa sa ganitong torture.

“Ano’ng madalas mong hawakang kaso sa cybercrime division, Ate Jax?” tanong ni Antonella habang kumakain sila. “Yung ganyan ba? ’Yung mga scandal?”

“Oo,” sagot ng katabi niya. “Marami kasing gan’un. Naha-hack ’yung computer kaya nakokopya ’yung mga private pictures o videos. Minsan bina-blackmail muna ’yung may-ari pero minsan pinapakalat na lang for the sake na ipakalat.”

“Alam mo, nakakainis ’yung ganyang issue,” sabi ulit ni Antonella na halata na sa tinig ang tinutukoy nitong inis. “For example, ako, mag-re-record ako ng sex tape o kukuha ako ng nudes—” Tinapik-tapik nito ang likod ni Declan nang masamid ang boyfriend. “Kapag na-hack ’yung computer ko at kumalat ’yung sex tape o nudes ko, ako ang may kasalanan dahil ako raw ang kumuha ng pictures. Ako ’yung ipapahiya at ikokondena. Eh, di ba ako ’yung biktima d’un?”

“Naku, ’eto na si Gabriela Silang,” narinig niyang bulong ni Declan mula sa tapat niya. Siniko ito ni Antonella na nagpatuloy.

“I have the right to take naked pictures of myself

if I want to, di ba? The same way I have the right to take a selfie. And it's my choice whether to post them online or not! If they post it without my consent, hindi ba sila dapat ang may kasalanan n'un? Ba't hindi sila magalit sa mga hackers? It's always the victim's fault!"

"Yun nga, eh. That's exactly it," sang-ayon ni Jacinda. "They hack into your computer and steal the pictures you didn't mean to be public. 'Tapos ikaw daw 'yung may kasalanan? Ikaw pa 'yung dapat mahiya? Eh, sila kaya 'yung walang respeto sa privacy at mga walang modo!"

"Exactly!" sabi ni Antonella. "Yung huwag kang kumuha ng sex tape kung ayaw mong kumalat ang scandal mo? I think that's bullshit." Umakyat sa lalamunan ni Quin ang kakalunok na lang niyang hiwa ng steak. "Hindi kakalat ang scandal mo, kung walang gagong hindi marunong rumespeto sa ibang tao, at kung wala siyang mga gago ring followers na manghihingi pa ng link! 'Tapos ikaw pa 'yung sasabihing nakakadiri? For what? Having sex? Humans have been having sex since the beginning of humanity!"

"And worst of all," dagdag ni Jacinda na passionate na rin ang tinig. "It's always the woman who gets the most abuse!"

“Yes!” malakas na sabi ni Antonella na may hampas pa sa ibabaw ng mesa. “Bakit? Siya lang ba ang nand’un sa tape? Ba’t siya ’yung nakakahiya while the guy gets all the back slaps na parang achievement pa ’yun?”

Nagkatinginan sila ni Declan. “Ba’t pakiramdam ko sa sala ako matutulog mamaya?” tanong ng kaibigan.

Tinapunan niya ito ng matalim na tingin. “Huwag mong ipaalala sa ’king tabi kayong natutulog ni Antonella sa kama.”

Biglang tumungo si Declan sa steak nito. “Oo nga pala.”

“But imagine those who record it without their partner’s consent,” patuloy ni Jacinda.

Nanlaki ang mga butas ng ilong ni Antonella sa galit. “Ay, naku! Dapat sa mga ’yung i-video rin habang kina-castrate!”

Hindi naman sinasadyang automatic at sabay sila ni Declan na ibinaba ang mga kamay nila para protektahan ang mga sarili mula sa dalawang Amasonang pinagsama nila.

“Babe, huwag naman habang kumakain ako, parang awa,” ani Declan at hinampas ito ni Antonella sa braso. May sinabi pa ang kapatid niya at nakitawa si Jacinda pero hindi na makapagsalita si Quin.



Paano pa kaya siya? Ano kaya ang sa tingin ni Antonella na nararapat na parusa para sa kanya?

Napatayo siya nang masagi ni Jacinda ang braso niya nang abutin nito ang baso nito. Nagulat ang tatlo sa bigla niyang pagkilos.

“Pupunta lang ako ng CR,” sabi niya bago nagmamadaling naglakad palayo.

Nang makapasok sa CR, dumerecho siya sa lababo at naghilamos. Nang tingnan niya ang sarili sa salamin, nakita niyang nangingitim na ang ilalim ng mga mata niyang namimilog. His cheeks also looked hollowed and his skin was pale.

Hindi na tama ito. Masyado na siyang nilalamon ng konsyensya niya. Hindi na talaga siya nito patatahimikin hanggang sa hindi niya pormal na pinagbabayaran ang ginawa niya kay Jacinda.

Rape is a crime punishable by life imprisonment. Alam niya dahil noon pa lang ay ni-research na niya. Sampung taon na niyang pinaghahandaan ang oras na sa wakas ay magsampa na ng kaso si Jacinda laban sa kanya. Hindi niya ikakaila ang ginawa niya. He was willing to go to jail.

He'd had ten years to earn and save enough money for Antonella, dahil ito lang naman ang itinuturing niyang pamilya. Hindi na maghihirap muli ang kapatid niya, pero iyon ay kung tanggapin

nito ang pera niya matapos nitong malaman ang ginawa niya.

Siguro kailangan lang niya ng isang araw para magpagawa ng mga kontrata na mag-tu-turnover kay Declan ng business pero ulit, iyon ay kung tatanggapin din ng kaibigan ang responsibilidad. Pero kung hindi naman, okay lang din kay Quin na magsara na ang hotel at mawala na ang club. Basta ba sisiguruhin ni Declan na makatanggap ng kaukulang suporta ang lahat ng mga empleyadong mawawalan ng trabaho, okay na siya.

Bahala na ang mga members nila kung gusto nilang magtayo ng sarili nilang club matapos ang *Obsidian*. He hadn't been in it for the money anyway. At buti na lang din, hindi alam ng mga women's shelters na siya ang nagdo-donate ng pera sa mga ito. Malamang isuka ng mga ito ang pera niya kapag malaman na rapist din ang nagbigay ng pera para magpatayo ng mga bagong pasilidad para sa kanila.

Sige na. Handa na siya. Nabigyan na siya ng sampung taong palugit na hindi naibibigay sa mga ibang tulad niya. It was about damn time he paid for his crime.